

## Mga Talatanungan para sa Istrakturang Panayam na Batay sa Trauma para sa mga Kaso ng Imigrasyon (IPBTI)<sup>1 2 3 4</sup>

Ni: Mary Ann Dutton, Krisztina Szabo, Rocio Molina, Maria Jose Fletcher,  
Mercedes V. Lorduy, Edna Yang, Leslye E. Orloff and SPARC  
**Setyembre 21, 2015 (Inupdate noong Hulyo 19, 2024)**

Ang mga sumusunod na talatanungan ay ibinigay upang mapadali ang Istrakturang Panayam na Batay sa Trauma (IPBTI). Sa panahon ng sesyon ng pagbuo ng kuwento, hinihikayat ang mga kliyente na ibahagi ang kanilang kuwento nang walang patid habang ang mga tagapagtanggol at mga abogado ay nakikinig, nagsusulat ng tala, at nagmamasid sa mga posibleng trigger. Ang kasangkapang ito ay idinisenyo upang gamitin sa mga follow-up na panayam kasama ang mga kliyente. Ang Istrakturang Talatanungan na ito para sa Imigrasyon ay tutulong sa mga tagapagtanggol at mga abogado na makakuha ng karagdagang malalim na impormasyon upang mapalakas ang kaso ng imigrasyon ng kanilang kliyente at magbigay rin ng kumpletong larawan ng trauma at paghihirap na naranasan ng mga nakaligtas. Ang mga tanong ay nagsasama ng batay sa ebidensiyang pamamaraan na nakabatay sa trauma na ginagamit ng mga tagapagbigay ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan, na ayon sa pananaliksik sa agham panlipunan ay nakatutulong sa paggaling ng kliyente.

Sa pamamagitan ng pagsasama ng pamamaraang ito bilang proseso sa pagbuo ng kuwento ng biktima para sa kanilang kaso ng imigrasyon, ang kasangkapang ito ay nakatutulong na mapalakas ang aplikasyon ng imigrasyon ng kliyente sa pamamagitan ng pagtuklas ng mahahalagang detalye ng kuwento sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng mga karagdagang insidente, karanasan, at mga pinsalang emosyonal na nag-aambag sa matinding kalupitan at/o malubhang pisikal o mental na pang-aabuso. Dapat ipaliwanag ng mga abogado at mga tagapagtanggol sa kliyente ang mga layunin ng sesyong ito bago simulan ang istrakturang panayam na batay sa trauma.

Kasama sa kasangkapang ito ang mga tanong na makatutulong sa mga tagapagtanggol at mga abogado na matukoy kung kailan ang mga biktima ng karahasang domestiko at sekswal ay nakakaranas din ng stalking at/o human trafficking. Para sa mga layunin ng pagpapalano sa kaligtasan, napakahalaga ang pagtukoy ng stalking dahil ito ay isang salik na maaaring magdulot ng panganib sa buhay.

<sup>1</sup> Copyright © National Immigrant Women’s Advocacy Project, American University, Washington College of Law 2013, 2017, 2024.

<sup>2</sup> Para sa gabay kung paano gamitin ang tool na ito sa mga kasong may kaugnayan sa batas ng pamilya, tingnan ang *How to Prepare Your Case Through a Trauma Informed Approach: Tips on Using the Trauma Informed Structured Interview Questionnaires for Family Court Cases (SIQI)* (Abril 27, 2023). <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/pubs/siqi-for-family-lawyers/>.

<sup>3</sup> Ang tool na ito ay makukuha sa iba’t ibang wika kabilang ang Espanyol, Ruso, at Tsino. Ang lahat ng ito ay maaaring ma-access sa pamamagitan ng paghahanap ng *Trauma Informed – Structured Interview Questionnaires for Immigration Cases (SIQI)* sa pahinang *Multilingual Materials by Title* ng NIWAP Web Library: <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/multilingual-materials-by-title/>

<sup>4</sup> Oktubre 30, 2013: “Trauma-Informed Care: Pagsulong ng Paghilom Habang Pinapalakas ang Mga Kasong Imigrasyon ng mga Nakaligtas” (Webinar) <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/trauma-informed-care>; Marso 19, 2014: “Trauma-Informed Care, Bahagi 2: Ang Mga Detalye ng Pagsulat ng Kuwento sa Imigrasyon bilang Interbensyon” (Webinar) <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/trauma-informed-interviews-story-writing>.

**National Immigrant Women’s Advocacy Project (NIWAP, pronounced *new-app*)**

American University, Washington College of Law

4300 Nebraska Avenue NW N100B · Washington, D.C. 20016

(o) 202.274.4457 · [niwap@wcl.american.edu](mailto:niwap@wcl.american.edu) · [wcl.american.edu/niwap](https://niwaplibrary.wcl.american.edu/) · <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/>

Dahil ang stalking at human trafficking ay mga batayan para sa pagiging kwalipikado sa imigrasyon sa ilalim ng mga programang Violence Against Women Act (VAWA), U visa, at T visa, napakahalaga ang pagtukoy kung kailan ang mga kliyenteng imigrante na biktima ay nakararanas din ng mga ganitong uri ng paglabag. Kapag natukoy mo ang human trafficking na nagaganap sa loob ng mga relasyong pampamilya at sa mga lugar ng trabaho, maaaring mas maikli ang paghihintay upang makakuha ng legal na pahintulot sa trabaho mula sa oras na maisumite ng biktima ang kanilang kaso ng imigrasyon batay sa pang-aabuso, at malaki rin ang paglawak ng mga opsyon ng biktima upang makakuha ng mga pampublikong benepisyo.

### **Pamamaraang Panayam na Batay sa**

Habang isinasagawa ang Istrakturang Panayam na Batay sa Trauma para sa Imigrasyon (IPBTI), mahalagang isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Ang sesyon ng pagbuo ng kuwento, kung saan hinihikeyat ang mga kliyente na magbahagi at, kung maaari, isulat ang kanilang mga kuwento nang walang patid, ang siyang unang isinasagawa.
- Maaaring gamitin ng abogado o tagapagtanggol ang IPBTI sa unang panayam bilang gabay sa pagkuha ng mga tala upang markahan o tukuyin ang mga isyung nais mong masiguro na masusundan sa ikalawang panayam. Gayunpaman, ayon sa mga pinakamahusay na kasanayan na batay sa trauma, mahalagang tiyakin na ang unang panayam ay isang hindi napuputol na salaysay ng biktima, at kung gagamitin mo ang IPBTI, ito ay dapat lamang para sa pagkuha ng mga tala.
- Ang mga tanong na ito ay dapat isagawa ng tagapagtanggol o abogado at hindi nilalayong gamitin bilang mga talatanungan na sasagutan ng mga kliyente nang mag-isa.
- Dapat ipaalam sa mga kliyente nang maaga na ang ilan sa mga tanong na ito ay likas na sensitibo at hindi nila kailangang sagutin ang mga tanong na nagdudulot sa kanila ng hindi kaginhawaan. Maaaring baguhin ng tagapagtanggol o abogado ang mga tanong ayon sa kakayahan ng kliyente na maunawaan ang tanong. (halimbawa: antas ng edukasyon, kakayahang kognitibo, o mga bilingguwal na tagapagtanggol na inaangkop ang mga tanong upang mas madaling maunawaan sa katutubong wika ng kliyente)
- Gamitin ang kasangkapang ito kasabay ng mga teknik sa interbensyon sa krisis at maging maingat sa pangangalaga sa sarili habang isinasagawa ito at sa lahat ng iba pang mga sesyon
- Maglaan ng oras para sa mga pahinga at mga “check-in” kasama ang iyong kliyente.

Ang kasangkapang ito ay nilikha upang tulungan ang parehong mga abogado at mga tagapagtanggol na mag-navigate sa iba’t ibang mga proteksiyong pang-imigrasyon na magagamit para sa mga nakaligtas na imigrante. Ang kasangkapang ito ay magbibigay sa iyo ng sunud-sunod na impormasyon kung paano gumawa ng pagsusuri para sa tulong sa imigrasyon, kumpletuhin ang intake para sa tulong sa imigrasyon, gumawa ng mga deklarasyon, mangolekta ng mga dokumentong sumusuporta, at tapusin ang mga file para sa VAWA at U visa.

Mahalagang-mahalaga na sa iyong pakikisalamuha at panayam sa nakaligtas ay gamitin mo ang isang pamamaraang batay sa trauma. Ang pamamaraang batay sa trauma ay kumikilala sa malawakang epekto ng trauma at nauunawaan ang mga posibleng landas tungo sa paggaling. Ang trauma ay tinutukoy bilang isang emosyonal na tugon sa isang kakila-kilabot na pangyayari gaya ng aksidente, panggagahasa, o sakunang likas. Kaagad pagkatapos ng pangyayari, karaniwan ang pagkabigla at pagtangga. Ang mga pangmatagalang reaksiyon ay kinabibilangan ng hindi inaasahang emosyon, mga flashback, tensyon sa mga relasyon, at maging mga pisikal na sintomas gaya ng pananakit ng ulo o pagkahilo. Bagama’t normal ang mga damdaming ito, may ilang tao na nahihirapang magpatuloy sa kanilang mga buhay.

Ang pamamaraang batay sa trauma ay kumikilala sa mga palatandaan at sintomas ng trauma sa mga kliyente at tumutugon sa pamamagitan ng ganap na pagsasama ng kaalaman tungkol sa trauma sa mga patakaran at gawain, habang aktibong inihiwasan ang muling pagtamo ng trauma ng biktima. Mahalaga ring tandaan na ang pamamaraang batay sa trauma ay maaaring gamitin sa anumang lugar o

konteksto.

Ang mga pangunahing prinsipyo ng pamamaraang batay sa trauma ay ang mga sumusunod: Pagpaparamdam sa nakaligtas ng kaligtasan sa panahon ng proseso ng panayam; pagkakaroon ng ugnayan ng pagtitiwala sa pagitan ng tagapanayam at ng nakaligtas; pakiramdam ng pagkakaroon ng suporta; pakiramdam ng kapangyarihan o empowerment habang nagaganap ang panayam; pagkakaroon ng pagkakataon na marinig ang kanilang tinig at makaramdam na mayroon silang mga pagpipilian; at ang pagsasagawa ng panayam nang may pagkilala sa mga isyung pangkultura, pangkasaysayan, at pangkasarian.

### **Paunang Panayam sa Nakaligtas**

Ang kuwento ng nakaligtas ay isa sa mga pangunahing bahagi ng mga aplikasyon at proseso ng Violence Against Women Act (VAWA) at U visa, na siyang nagtatangi sa mga ito mula sa ibang mga proseso ng imigrasyon. Ang kuwento o sinumpaang salaysay (affidavit) ay ang lugar kung saan maaaring ipahayag ng nakaligtas sa Tagapaghusga ng Department of Homeland Security (DHS) ang epekto ng trauma sa kanilang buhay at ang kanilang mga dahilan sa paghingi ng tulong sa ilalim ng VAWA o U visa. Kapag binabasa ng tagapaghusga ng DHS ang kuwento ng nakaligtas, dapat nilang maunawaan at maramdaman kung ano ang naramdaman ng nakaligtas matapos siyang makaranas ng pang-aabuso o krimen.

Ang paunang panayam ay nagbibigay rin sa mga tagapagtanggol at mga abogado ng pagkakataon na magtatag ng mabuting ugnayan sa nakaligtas, bumuo ng pagtitiwala, ipadama sa kanya na siya ay pinakikinggan, ligtas, at may suporta, talakayin pa ang proseso ng aplikasyon, tuklasin ang mga isyung pangkultura, pangkasaysayan, at pangkasarian, suriin ang mga dokumentong sumusuporta, at tulungan sa paggawa ng salaysay ng nakaligtas. Mahalaga na ipaliwanag ang proseso sa batas at anumang kinakailangang mga rekisito sa payak na wika upang maiwasan ang kalituhan. Ang ating layunin ay bigyang kapangyarihan ang mga kliyente na mabawi ang kanilang awtonomiya at kalayaan. Ang bawat nakaligtas ang siyang magpapasya kung ano ang pinakamainam para sa kanila.

Anuman ang ating personal na opinyon at/o nararamdaman, sinusuportahan natin ang bawat desisyon ng nakaligtas. Dapat bigyan ng pagpipilian ang nakaligtas na isulat ang sarili niyang kuwento, ipasulat ito sa isang tagapagtanggol, o irekord ito.

Sa paunang sesyon ng pagkukuwento, mahalagang hayaan ang nakaligtas na ibahagi ang kanyang kuwento bilang isang tuloy-tuloy na daloy ng kamalayan. Bilang tagasulat at tagapanayam na nagbibigay ng suporta, pigilan ang pagnanais na putulin o hadlangan ang proseso ng pagkukuwento. Ipagpaliban muna ang paglilinaw ng mga detalye hanggang sa bandang huli. Magtanong ng mga bukas na tanong, gaya ng “at pagkatapos, ano ang nangyari?” Gumamit ng kumpirmadong kilos ng katawan—tulad ng pagtango at pagsang-ayon sa nakaligtas. Hilangin sa nakaligtas na ipaalam sa iyo kung kailan nila kailangan ng pahinga o kung nakakaramdam sila ng stress o pagkabalisa habang nagkukuwento

### **Paghahanda para sa Pagkolekta ng Kuwento**

Mahalagang ikaw ay maghanda bago pa simulan ang pagbuo ng kuwento ng nakaligtas. Maglaan ng oras nang maaga upang basahin ang mga ulat ng pulis, mga kahilingan para sa mga protection order, mga rekord ng korte at mga rekord medikal, o anumang iba pang dokumentong maaaring magamit na makatutulong sa pagsasabi ng kuwento ng nakaligtas. Sabihin sa iyong kliyente nang maaga kung ano ang iyong mga layunin bago ang pagkuha ng kuwento upang makapaghanda sila nang maayos. Tukuyin kung paano gustong idokumento ng iyong kliyente ang kanilang kuwento. Nais ba nilang isulat ito mismo, nais ba nilang ikaw ang magsalin nito sa sulat, o nais ba nilang ito ay mairekord? Tiyakin na parehong ikaw at ang iyong kliyente ay nakapaglaan ng sapat na oras upang idokumento ang kuwento, isinasalang-alang ang paggamit ng mga tagasalin at tagapagsalin ng wika. Mainam ding tukuyin nang

maaga kung tatawagin mo ang “kuwento” bilang ganoon o kung ito ay tutukuyin bilang isang “sinumpaang salaysay” (affidavit).

### **Kuwento ng Iyong Kliyente sa Papel**

Ang kliyente ang siyang eksperto sa kanilang sariling karanasan. Pakinggan ang kuwento ng iyong kliyente nang may suporta at empatiya. Kapag ang iyong kliyente ay tila nababalisa o na-trigger, huminto muna at magpahinga, at alukin sila ng baso ng tubig. Ang pakikinig sa kanilang karanasan nang may empatiya ay nagpapatibay sa kanilang karanasan at nagpapakita ng pakikiramay sa trauma na kanilang pinagdaanan. Nakakatulong ito upang mabawasan ang posibilidad ng muling pagdanas ng trauma.

Kung ang iyong kliyente ay hindi nagsasalita ng Ingles, maaari mong irekord ang kanilang kuwento at ipasalin ito sa ibang pagkakataon, o isulat ito sa kanilang katutubong wika at ipasalin din sa kalaunan. Para sa unang burador, hindi mahalaga ang ispeleng at gramatika. Ang kahusayan sa pagkukuwento ang pinakamahalaga, pati na rin ang paglikha ng isang kapaligirang kung saan ang iyong kliyente ay makapagsasabi ng kanilang kuwento at mararamdamang sila ay pinakikinggan. Anuman ang paraan na piliin ng iyong kliyente upang idokumento ang kanilang karanasan—kung sila mismo ang magsusulat, ikaw ang magsasalin, o ito ay mairekord—igalang ang kanilang desisyon.

### **Karagdagang Panayam**

Pagkatapos maidokumento ng kliyente ang kanilang kuwento, ikaw bilang tagapagtanggol o abogado ay magpapatuloy sa susunod na hakbang sa proseso ng pagbuo ng kuwento — ang pagrerepaso kasama ang iyong kliyente ng serye ng mga karagdagang tanong. Ang mga tanong na ito ay batay sa trauma at idinisenyo upang makuha ang mga detalye na mahalaga para sa aplikasyon ng visa. Layunin ng mga tanong na ito na makalikom ng mas kumpletong impormasyon tungkol sa nakaligtas, sa kanilang kaso, mga karanasan, at ang epekto ng mga pangyayaring ito sa biktima at sa kanilang mga anak. Ang panayam na ito ay panahon din upang magtanong ng mga follow-up na tanong upang makuha ang higit pang detalye tungkol sa mga pangyayaring binanggit sa kuwento ng iyong kliyente. Muli, napakahalaga na sundin ang pamamaraang batay sa trauma kapag nagtatanong ng mga ito. Kailangang kilalanin na ang mga tanong ay maaaring maging nakakaistorbo o mag-trigger sa kliyente. Kapag ang iyong kliyente ay tila nababalisa o na-trigger, huminto muna at magpahinga, at alukin sila ng baso ng tubig o magsagawa ng mga simpleng ehersisyo sa paghinga o grounding. Huwag magpatuloy hanggang sa mukhang handa na muli ang iyong kliyente at hanggang sa makakuha ka ng berbal na kumpirmasyon na sila ay handa nang magpatuloy.

### **Pagsasama ng Kuwento**

Pagkatapos mong makuha ang kuwento na isinulat o isinalaysay sa iyo ng iyong kliyente, at maisagawa ang iyong follow-up na sesyon ng pagtatanong, ikaw bilang tagapagtanggol o abogado ay bubuo ng kuwento upang maging isang magkakaugnay at buo na salaysay. Sa paggawa nito, ikaw ay:

- 1) Isaayos ang kuwento ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari;
- 2) Itama ang lahat ng gramatika at ispeleng;
- 3) Tiyakin na ang kuwento ay nananatili sa sariling mga salita ng iyong kliyente.

Kapag na-edit na ang kuwento, ito ay rerepasuhin muli kasama ang iyong kliyente sa huling pagkakataon, gamit pa rin ang pamamaraang batay sa trauma. Pagkatapos makumpleto, kukunin mo ang prima ng iyong kliyente at isusumite ang kuwento bilang ebidensya sa kaso ng imigrasyon.

### **Kahalagahan ng Pangangalaga sa Sarili**

Ang pangangalaga sa sarili ay napakahalaga para sa mga abogado at tagapagtanggol na malapit na nakikipagtulungan sa mga kliyenteng nakaranas ng trauma at may mahihirap na kuwento na ibahagi. Ang pangangalaga sa sarili ay hindi tanda ng kahinaan. Ito ay isang paraan upang palakasin ang ating katawan at isipan, na nagbibigay-daan sa atin upang ipagpatuloy ang pamumuhay ng ating mga buhay.

Ang pagdodokumento ng mga traumatikong karanasan ng mga nakaligtas ay maaari ring makaapekto sa mga tumutulong sa kanila, na maaaring makaranas ng “vicarious trauma.” Madalas, maaaring maranasan ng isa ang stress, pagkapagod, o kalungkutan pagkatapos tumulong sa isang imigrante na nakaligtas na idokumento ang kanilang kasaysayan ng pang-aabuso. Tandaan, hindi natin mapangangalagaan ang iba hangga’t hindi muna natin inaalagaan ang ating sarili.

## **ISTRATURANG MGA TANONG SA PANAYAM PARA SA VAWA SELF-PETITION**

Ang seksyong ito ay naglalahad ng mga pangunahing kinakailangan para sa VAWA Self-Petition at tutulong sa abogado o tagapagtanggol na matandaan ang mga follow-up na tanong at mga detalyeng maaaring mahalagang maisama upang maipakita ang pang-aabuso, pananakit, at matinding kalupitan, pati na rin ang epekto ng mga ito sa kapakanan, pisikal at mental na kalusugan, at kaligtasan ng kliyente para sa VAWA self-petition. Nagsisimula ito sa pagdodokumento ng mga detalye ng relasyon sa pagitan ng nanakit at ng kliyente, ang matinding kalupitang dinanas at ang antas nito, pati na rin ang anumang mga isyu sa mabuting moral na asal na maaaring makaapekto sa aplikasyon ng kliyente. Tandaan na hindi lahat ng seksyon ay maaaring naaangkop sa iyong kliyente.

### **I. RELASYON SA NANAKIT AT PANINIRAHANG MAGKASAMA**

Kung ang nanakit ay iyong asawa o dating asawa, kakailanganin mong ipakita na kayo ay nagpakasal dahil sa pagmamahalan at na kayo ay nanirahan na magkasama sa ilang pagkakataon.

- Kailan at saan kayo nagkakilala ng iyong asawa?
  - Sino ang nagpakilala sa inyo?
  - Sino pa ang naroon noong unang beses kayong nagkita?
    - Kailan kayo nagsimulang mag-date? Ano ang mga ginagawa ninyo habang kayo ay nagde-date?
      - Habang nagkakakilala pa lamang kayo, nasa U.S. ka ba o nasa ibang bansa?
  - Lumabas ba kayo upang kumain, pumunta sa mga party, manood ng sine, at iba pa?
    - Anong mga uri ng aktibidad ang ginagawa ninyong magkasama?
    - Mayroon bang mga taong kasama ninyong lumalabas?
      - Ano ang dahilan kung bakit ka na-in love sa iyong asawa?
  - Kailan kayo nagsimulang manirahang magkasama?
- Gaano katagal kayong nagde-date o nanirahang magkasama bago ninyo napagdesisyunang magpakasal?
- Kailan ninyo napagdesisyunang magpakasal?
  - Naligawan ka ba o nag-propose ba sa iyo ang iyong asawa?
  - Saan kayo noon?
  - Ano ang ginagawa ninyo noon?

- Ano ang isinagot mo?
- May iba pa bang naroroon?
- Kailan at saan kayo nagpakasal?
  - Kumusta ang inyong kasal?
  - Sino ang mga naroroon?
    - Mayroon bang handaan o pagtitipon bago o pagkatapos ng kasal?
      - Nag-honeymoon ba kayo? Kung oo, kailan at saan?
      - Saan kayo unang nanirahan bilang mag-asawa? Naalala mo ba ang address?
- Isulat ang listahan ng lahat ng address ng mga tirahan na pinagsamahan ninyo ng inyong asawa at ang mga petsa kung kailan kayo nanirahan doon.
- Noong kayo ay magkasamang naninirahan, may iba pa bang nakatira kasama ninyo (mga anak, magulang, kapatid, o mga kaibigan)?
- Pinapayagan ka bang magpabisita ng mga kaibigan sa inyong tahanan?
- Nagkaroon ba kayo ng mga salu-salo o pagtitipon?
- May mga anak ba kayo ng inyong asawa? Ilan ang inyong mga anak na magkasama? Ano ang kanilang mga pangalan at kailan sila ipinanganak?
  - Kung mayroon kang mga anak mula sa nakaraang kasal o relasyon, nakikisama ba sa kanila ang inyong asawa?
  - Kumusta ang inyong pagsasama noong umpisa ng kasal?
    - Mayroon bang magagandang panahon bago nagsimula ang pang-aabuso?
    - Ano ang mga ginagawa ninyong magkasama bilang isang pamilya?
    - Naalala mo ba ang anumang espesyal na okasyon mula sa mga magagandang panahon?
    - Isang pagdiriwang ng pamilya?
    - Isang selebrasyon ng kaarawan?
    - Isang bakasyong pampamilya?
  - Ano ang mga plano ninyong magkasama para sa hinaharap?

Kung ang nanakit ay iyong stepparent, kakailanganin mong ipakita na mayroon kayong relasyon bilang magulang at anak-anakan.

- Paano nagkakilala ang iyong magulang at ang iyong stepparent?
  - Kailan sila nagsimulang mag-date?
  - Kailan sila nagsimulang manirahang magkasama?
- Gaano katagal nanirahan nang magkasama ang iyong magulang at stepparent bago nila napagdesisyunang magpakasal?
- Kailan at saan nagpakasal ang iyong magulang at stepparent?
  - Kumusta ang kanilang kasal?
- Bukod sa iyo, may mga anak pa ba ang iyong magulang at stepparent?
  - Ilan ang kanilang mga anak na magkasama?
  - Ano ang kanilang mga pangalan at kailan sila ipinanganak?
- Inampon ka ba ng iyong stepparent?
- Naninirahan ka ba noon kasama ang iyong magulang at stepparent?
  - Kung oo, naaalala mo ba ang (mga) address? Subukang isama ang lahat ng (mga) address ng mga tahananang pinagsamahan ninyo ng

iyong magulang at stepparent at ang mga petsa kung kailan kayo nanirahan doon.

- Naalala mo ba ang anumang mga espesyal na okasyon mula sa mga magagandang panahon na ginugol mo kasama ang iyong magulang at stepparent?
  - Isang pagdiriwang ng pamilya?
  - Isang selebrasyon ng kaarawan?
  - Isang bakasyong pampamilya?

Kung ang nanakit ay iyong magulang, kakailanganin mong ipakita na mayroon kayong relasyon bilang magulang at anak.

- Paano nagkakilala ang iyong mga magulang?
  - Nagpakasal ba sila kailanman?
  - Kung oo, kailan at saan?
- Kailan at saan ka ipinanganak?
- Nakalista ba ang mapang-abusong magulang sa iyong sertipiko ng kapanganakan o sa iyong rekord ng binyag?
- Mayroon ka bang mga kapatid o kalahating kapatid (half-brothers o half-sisters) mula sa magulang na ito?
- Kung nagdiborsyo o naghiwalay ang iyong mga magulang, ang mapang-abusong magulang ba ang may kustodiya sa iyo?
- Kailangang magbayad ba ng child support ang mapang-abusong magulang?
- May karapatan ba siyang makadalaw sa iyo? Kung oo, gaano kadalas?
- Naninirahan ka ba kailanman kasama ang iyong mapang-abusong magulang?
  - Kung oo, naaalala mo ba ang (mga) address?
  - Subukang isama ang lahat ng (mga) address ng mga tahananang pinagsamahan ninyo at ang mga petsa kung kailan kayo nanirahan doon.
- Naalala mo ba ang anumang mga espesyal na okasyon mula sa mga magagandang panahon na ginugol mo kasama ang iyong mapang-abusong magulang?
  - Isang pagdiriwang ng pamilya?
  - Isang selebrasyon ng kaarawan?
  - Isang bakasyong pampamilya?

Kung ang nanakit sa iyo ay ang iyong anak na mamamayan ng U.S. na lampas 21 taong gulang, kakailanganin mong ipakita na mayroon kayong relasyon bilang magulang at anak.

- Kailan ipinanganak ang iyong anak na lalaki o babae?
  - Nakalista ka ba sa kanyang sertipiko ng kapanganakan o sa rekord ng binyag?
- Naninirahan ka ba kasama ang iyong anak habang siya ay lumalaki?
  - Kung hindi, binibisita mo ba siya?

- Kung oo, gaano kadalasan mo siyang nakikita?
  - Nagbabayad ka ba ng child support para sa kanya?
- Kailan pumunta sa U.S. ang iyong anak na lalaki o babae?
  - Paano siya naging mamamayan ng U.S.?
- Naninirahan ka ba kailanman kasama ang iyong anak na lalaki o babae sa U.S.?
  - Kung oo, naaalala mo ba ang (mga) address?
  - Subukang isama ang lahat ng (mga) address ng mga tahananang pinagsamahan ninyo at ang mga petsa kung kailan kayo naninirahan doon.
- Naalala mo ba ang anumang mga espesyal na okasyon mula sa mga magagandang panahon na ginugol mo kasama ang iyong anak?
  - Isang pagdiriwang ng pamilya?
  - Isang selebrasyon ng kaarawan?
  - Isang bakasyong pampamilya?

## II. Pananakit at/o Matinding Kalupitan

- Kailan nagsimula ang pang-aabuso at nasaan ka noong panahong iyon?
  - Nagsimula ba ito sa isang pagtatalo o nangyari nang walang dahilan?
  - Nauwi ba ito sa pisikal na karahasan?
  - Lalong lumala ba ito sa paglipas ng panahon?
    - Sa anong mga paraan?
- Pagkatapos ng unang pang-aabuso, gaano kadalasan mangyari ang mga mapang-abusong pag-uugali ng iyong nanakit?
  - Lalong naging marahas ba ang iyong nanakit sa pagdaan ng panahon?
- Mangyaring magbigay ng detalyadong paglalarawan kung paano ang naging pang-aabuso.
  - Naalala mo ba ang isang partikular na marahas o mapang-abusong insidente?
- Ano mismo ang ginawa ng iyong nanakit?
  - Ginawa ba ng iyong nanakit ang alinman sa mga sumusunod na bagay:
    - Sumigaw o nagsalita nang may pagmumura sa iyo? Tinawag ka ba ng iyong nanakit ng masasakit na pangalan? Kung oo, anong mga salita ang ginamit niya?
    - Sinaktan, sinipa, o sinampal ka ba niya? Kung oo, ano ang ginamit ng iyong nanakit at paano ka niya sinaktan?
    - Naghagis ba siya ng mga bagay sa iyo? Kung oo, ano ang inihagis niya sa iyo?
    - Hinila ba niya ang iyong buhok?
    - Hinawakan o sinakal ka ba niya sa leeg?
    - Pinilit ka ba niyang makipagtalik laban sa iyong kagustuhan (kapag ayaw mo)?
    - Sinubaybayan, sinundan, o minonitor ka ba ng iyong nanakit?

- Lumitaw ba siya nang hindi inaanyayahan sa lugar kung saan ka naroroon?
- Sinira ba ng iyong nanakit ang iyong pribasiya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyo kahit ayaw mong makipag-usap? Paano?
- Pinahiya ka ba ng iyong nanakit sa publiko?
- Nakialam ba siya sa iyong buhay? Paano?
- Sinabotahe ba ng iyong nanakit ang iyong trabaho? Sinira ba niya ang iyong reputasyon?
- Kumuha ba siya ng mga litrato o video mo nang walang iyong pahintulot?
- Ipinost ba niya ang mga litrato o video mo nang walang pahintulot mo (kahit pa kinuha ito nang may pahintulot sa una)?
- Ni-hack o inangkin ba ng iyong nanakit ang iyong mga social media account nang walang iyong pahintulot?
- Nagpanggap ba siyang ikaw online?
- Sinaktan din ba ng iyong nanakit ang iyong mga anak? Paano?
- Sinaktan din ba ng iyong nanakit ang iyong mga alagang hayop? Paano?
- Ipinagbawal ba sa iyo ng iyong nanakit na makipag-ugnayan sa pamilya o mga kaibigan?
- Nagbanta ba ang iyong nanakit na papatayin o sasaktan ka, ang iyong mga anak, o mga miyembro ng pamilya?
- Nagbanta ba ang iyong nanakit na papatayin o sasaktan ang iyong mga alagang hayop?
- Nagbanta ba ang iyong nanakit gamit ang baril o iba pang sandata?
- Nagbanta ba ang iyong nanakit na magpakamatay?
- Nagbanta ba ang iyong nanakit na sirain ang iyong mga ari-arian?
- Nagbanta ba ang iyong nanakit na ipa-deport ka o kunin ang iyong mga papeles?
  - Nagbanta ba ang iyong nanakit na kukunin ang iyong mga anak?
- May sinuman ba, kabilang ang pamilya at mga kaibigan, na nakasaksi sa pang-aabuso?
- Humingi ka ba ng tulong medikal dahil sa pang-aabuso? Kailan? Saan?
- Tumawag ka ba sa pulisya dahil sa pang-aabuso?
  - Kailan?
  - Ilang beses?
  - Ano ang ginawa ng pulisya? Gumawa ba sila ng police report sa mga pagkakataong iyon?
- Nakakuha ka ba ng restraining order?
- Mayroon bang kasong kriminal na isinampa laban sa iyong nanakit? Kailan? Saan ito nangyari?
- Pagkatapos ng mga panahon ng karahasan ng iyong nanakit, nagkabati ba kayo?
  - Humingi ba ng tawad ang iyong nanakit?
  - Paano ang naging ugali ng iyong nanakit pagkatapos nito?
  - Mas mabuti ba ang naging pakikitungo niya sa iyo pansamantala?
- Hiniling mo ba kailanman sa iyong nanakit na tumigil?
- Sinubukan mo bang iwanan ang iyong nanakit?

- Kailan at bakit mo napagdesisyonang iwanan ang iyong nanakit?
  - Paano mo ito nagawa?
  - Gumawa ka ba ng anumang pagbabago sa iyong buhay upang maging mas mahirap para sa iyong nanakit na makipag-ugnayan sa iyo?
- Kumpletuhin ang mga tanong sa **Stalking Behaviors and Risk Factors** na nasa Seksyon XIX sa ibaba.

### III. MABUTING ASAL

- Isipin ang mga halimbawa na nagpapakita na ikaw ay isang mabuting magulang.
  - Nagtrabaho ka ba ng mahabang oras o overtime upang matustusan ang iyong pamilya?
    - Mayroon ka bang ilang trabaho upang mapagkasya ang pang-araw-araw na gastusin?
  - Ilarawan ang iyong papel sa pag-aalaga ng iyong mga anak.
    - Ikaw ba ang nagdadala at nagsusundo sa kanila sa paaralan?
    - Ikaw ba ang nagbibihis sa kanila tuwing umaga?
    - Ipinaghahanda mo ba sila ng pagkain?
    - Ikaw ba ang nagdadala sa kanila sa doktor o dentista?
  - Tinutulungan mo ba ang iyong mga anak sa kanilang takdang-aralin o mga proyekto sa paaralan?
    - Kalahok ka ba sa kanilang mga aktibidad sa paaralan?
  - Ilarawan ang iyong mga paboritong aktibidad kasama ang iyong mga anak.
    - Binabasahan mo ba sila ng mga kuwento sa gabi?
    - Nagdarasal ba kayo nang magkasama?
    - Dinadala mo ba sila sa palaruan?
    - Naglalaro ba kayo nang magkasama?
  - Magbigay ng mga halimbawa na nagpapakita na ikaw ay isang mabuting kasapi ng iyong komunidad.
  - Regular ka bang dumadalo sa mga relihiyosong serbisyo?
  - Aktibo ka bang kasapi ng iyong relihiyosong samahan o pamayanan?
  - Naglalaan ka ba ng oras o nagdo-donate para tumulong sa iba?
  - Tumutulong ka ba sa iyong mga kapitbahay, kaibigan, o iba pang miyembro ng pamilya?

### ISTRATURANG MGA TANONG SA PANAYAM PARA SA VAWA CANCELLATION OF REMOVAL

Ang VAWA Cancellation ay isang epektibong paraan na magagamit lamang ng mga kliyenteng nasa proseso ng deportasyon at may mga kasong dinidinig ng isang hukom sa imigrasyon. Para sa VAWA Cancellation, kakailanganin mong isulat at itanong ang dalawang karagdagang elemento ng kaso upang maging kwalipikado, bilang dagdag sa mga tanong na

nakalista sa itaas para sa VAWA self-petition. Samakatuwid, dapat mong itanong ang mga karagdagang tanong na ito upang maipakita ang mga sumusunod:

- 1) Tuloy-tuloy na Pananatili sa U.S. sa loob ng 3 taon at
- 2) Ang hirap o pagdurusang mararanasan ng iyong kliyente at ng kanyang pamilya kung siya ay ipapabalik sa kanyang bansang pinagmulan.

#### **IV. TULOY-TULOY NA PANANATILI SA U.S.**

- Kailan ka dumating sa U.S.?
- Gaano ka na katagal naninirahan sa U.S.?
- Umalis ka na ba sa bansa kailanman?
  - Kung oo, gaano ka katagal nawala?
  - Dinala ka ba ng iyong nanakit sa labas ng bansa?
  - Umalis ka ba sa bansa dahil sa pang-aabuso?
  - Nagbakasyon ka ba sa labas ng U.S.?
  - Bumisita ka ba sa mga kamag-anak sa iyong bansang pinagmulan?
- Kung umalis ka nang ilang beses, mahalagang itala ang mga panahong iyon kasama ang mga tiyak na petsa.

#### **V. HIRAP O PAGDURUSA KUNG IPAPABALIK SA BANSANG PINAGMULAN**

- Ano ang maaaring mangyari sa iyo o sa iyong pamilya kung ikaw ay ipapabalik sa iyong bansang pinagmulan? Natatakot ka bang bumalik sa iyong bansang pinagmulan? Bakit
  - Ano ang kalagayan ng pamumuhay sa iyong bansa?
  - Sa palagay mo ba ay magiging ligtas ka?
    - Bakit o bakit hindi?
  - Mapagkakatiwalaan mo ba ang pulisya?
    - Marami bang krimen?
  - Mayroon bang mga batas o kaugalian sa iyong bansa na nang-aapi sa mga biktima ng karahasang domestiko, mga diborsiyado, o mga may mga anak ngunit walang asawa?
  - Ang pamahalaan ba ng iyong bansa ay nagbibigay-proteksyon sa mga biktima ng krimen?
  - Natatakot ka bang gumanti o gumawa ng aksyon laban sa iyo ang iyong nanakit sa iyong bansa?
    - O sa palagay mo ba ay susubukan kang saktan ng iyong nanakit dahil tumawag ka sa pulisya?
    - Kung oo, makatatanggap ka ba ng sapat na proteksyon?
  - Natatakot ka bang subukang saktan ka o ang iyong mga anak (pisikal o sikolohikal) ng mga kaibigan o pamilya ng iyong nanakit?

- Inayos ba ng iyong nanakit na may ibang mang-harass, manakot, o manligalig sa iyong pamilya na kasalukuyang nakatira sa iyong bansang pinagmulan?
- Bakit mo gustong manatili sa Estados Unidos?
  - Kung kailangan mong umalis sa U.S., mahihiwalay ka ba sa iyong mga mahal sa buhay?
  - Magagawa mo pa rin bang suportahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya?
  - Mayroon ka bang mga serbisyo sa U.S. na hindi mo makukuha kung ikaw ay ma-deport (halimbawa: mga social worker, tulong medikal, pagpapayo, o mga benepisyo mula sa gobyerno gaya ng Women, Infant, and Children (WIC), at iba pa)?
  - Kung ikaw o ang iyong mga anak ay sumasailalim sa paggamot medikal o pagpapayo, magagawa mo ba itong ipagpatuloy sa iyong bansang pinagmulan?
  - Nagsasalita ba ng katutubong wika ng iyong bansa ang iyong mga anak?
  - Magiging mahirap ba para sa kanila ang mag-adjust sa pagpasok sa paaralan sa iyong bansa?
  - Kailangan mo bang manatili sa U.S. upang magkaroon ng access sa mga hukuman at/o makatulong sa pulisya sa pagsisiyasat laban sa iyong nanakit?
- Ano ang mga pag-asa mo para sa hinaharap, para sa iyong sarili at para sa iyong mga anak?
- Mayroon ka pa bang nais banggitin o sabihin sa opisyal ng Imigrasyon tungkol sa iyong sarili o sa iyong pamilya?

## ISTRATURANG MGA TANONG SA PANAYAM PARA SA MGA KASO NG U VISA

Ang seksyong ito ay naglalahad ng mga pangunahing kinakailangan para sa U Visa at tutulong sa abogado o tagapagtanggol na matandaan ang mga follow-up na tanong at mga detalyeng maaaring mahalagang maisama sa dokumentasyon ng aplikasyon para sa U visa. May ilang tanong na humihingi ng impormasyon tungkol sa pinsalang dulot ng krimen, na maaaring mahirap sagutin ng iyong kliyente, ngunit mahalaga ito upang matugunan ang kinakailangan na maipakita ng aplikante ang matinding pisikal, sikolohikal, o emosyonal na pinsalang naranasan mula sa krimen.

## VI. RELASYON SA NANANAKIT (HINDI KINAKAILANGANG MAY RELASYON SA NANANAKIT)

- Ang nananakit ba ay isang kamag-anak o miyembro ng pamilya?
  - Naninirahan ba kayo nang magkasama? Gaano katagal ang naging relasyon ninyo sa isa't isa?
- Ang nananakit ba ay iyong asawa, dating asawa, o kasintahan? Paano kayo nagkakilala at kumusta ang naging relasyon ninyo?
  - Gaano katagal kayong nagkaroon ng relasyon?
    - Kung kayo ay kasal, kailan at saan naganap ang seremonya ng kasal?
    - Mayroon ka bang mga anak mula sa nakaraang relasyon?

- Mayroon ka bang mga anak kasama ang iyong kapareha?
- Paano tinrato ng iyong kapareha ang mga bata?
- Ang nananakit ba ay isang taong nakipag-date sa iyo? Kung oo, paano at saan kayo nagkakilala?
- Ang nananakit ba ay isang taong nanghabol o paulit-ulit na nagtangkang makipag-date sa iyo?
- Ang nananakit ba ay iyong boss, manager, katrabaho, customer, o kliyente?
- Ang nananakit ba ay iyong guro o kaklase?
- Ang nananakit ba ay iyong kapitbahay o kaibigang pampamilya?
- Ang nananakit ba ay iyong pinunong panrelihiyon o isang taong mula sa iyong relihiyosong komunidad?

## VII. MGA KARAPAT-DAPAT NA GAWAIN NA ITINUTURING NA KRIMINAL

1. Kung ang iyong kliyente ay naging biktima ng pang-aabuso ng kanyang asawa, kapareha, o magulang:
  - Kailan at paano nagsimulang abusuhin ka ng iyong nanakit? Halimbawa, ininsulto ka ba niya? Sinaktan ka ba niya? Tinulak? Sinipa? Nagsabi ba siya ng masasamang salita sa iyo? Tinawag ka ba niya ng masasakit na pangalan?
  - Gaano kadalas itong ginagawa ng iyong nanakit?
  - Ginagawa ba ito ng iyong nanakit sa harap ng ibang tao? Sino-sino sila?
  - Ano ang iyong naramdaman sa tuwing ginagawa niya ito?
  - Tumawag ka na ba kailanman sa pulisya? Natakot ka bang humingi ng tulong?
  - Kailan ang unang pagkakataon na napagdesisyunan mong tumawag sa pulisya? Ano ang nangyari?
2. Kung ang iyong kliyente ay naging biktima ng isang kriminal na gawain o mga kriminal na gawain ng isang hindi kakilala:
  - Nasaan ka at ano ang ginagawa mo bago mangyari ang krimen? Naalala mo ba kung anong oras ito nangyari?
  - Paano nagsimula ang insidente? Nag-umpisa ba ang salarin ng pagtatalo o agad ka niyang inatake?
  - Paano at saan ka sinaktan ng salarin?
  - Sinubukan mo bang tumakas? Naisigaw mo ba ang paghingi ng tulong?
  - May sinuman bang nakakita sa nangyari?

## VIII. PISIKAL, SIKOLOHIKAL, AT EMOSYONAL NA PINSALA

- Nakaranas ka ba ng anumang pisikal na pinsala?
- Gaano katindi at gaano katagal ang sakit na iyong naranasan?
- Naging permanente ka bang may kapansanan o nagkaroon ng peklat dahil sa krimen?
- Dinala ka ba sa ospital o nakatanggap ka ba ng anumang pangangalagang medikal?

- Mayroon bang niresetang gamot para sa iyo?
- Nakaranas ka ba ng anumang sikolohikal na pinsala dahil sa krimen?
- Nararanasan mo ba ang kahihyan, depresyon, hirap sa pagtulog, o pagkabalisa?
- Nakatanggap ka na ba ng counseling o therapy?
- Mayroon ka bang iniinom na gamot upang matulungan kang makayanan ang iyong mga problemang sikolohikal?
- Paano nabago ng krimen at ng iyong pinagdaanang biktimisasyon ang iyong pisikal o emosyonal na enerhiya?
  - Nakakaranas ka ba minsan ng pakiramdam o pag-uugali na para bang muling nangyayari ang isang nakaka-stress na karanasan (na para bang muli mo itong nararanasan)?
  - Naiinis o nababalisa ka ba kapag may isang bagay na nagpapaalala sa iyo ng isang nakaka-stress na karanasan mula sa nakaraan?
  - Nakakaranas ka ba ng mga pisikal na reaksiyon (halimbawa: mabilis na tibok ng puso, hirap sa paghinga, o pagpapawis) kapag may isang bagay na nagpapaalala sa iyo ng isang nakaka-stress na karanasan mula sa nakaraan?
  - Iniiwasan mo bang isipin o pag-usapan ang isang nakaka-stress na karanasan mula sa nakaraan o iniiwasan mong maramdaman ang anumang emosyon na may kinalaman dito?
  - Iniiwasan mo ba ang ilang mga gawain o sitwasyon dahil ipinapaalala nila sa iyo ang isang nakaka-stress na karanasan mula sa nakaraan? Kung oo, anong mga uri ng gawain ang iniiwasan mo?
  - Nawalan ka ba ng interes sa mga bagay na dati mong kinagigiliwan? Kung oo, anong mga bagay o aktibidad ang mga ito?
  - Nahirapan ka bang makatulog o manatiling tulog?
  - Madali ka bang mainis o nagkakaroon ng mga pagsabog ng galit?
  - Nahirapan ka bang magpokus o mag-concentrate?
  - Nakaramdam ka ba ng pagiging sobrang alerto o laging nagbabantay? Madali ka bang magulat o kabahan?
  - Paano nabago ng karanasang ito ng pagiging biktima ang iyong reaksiyon kapag naaalala o naiisip mo ang ilang mga bagay? Mayroon ka bang paulit-ulit at nakakabagabag na mga alaala, iniisip, o larawan tungkol sa isang nakaka-stress na karanasan mula sa nakaraan? Nakakaranas ka ba ng paulit-ulit na bangungot tungkol dito? Nahihirapan ka bang maalala ang mahahalagang bahagi ng karanasang iyon?
    - Paano nabago ng pagiging biktima ng krimeng ito ang iyong pananaw o pakiramdam tungkol sa hinaharap?
    - Nararamdaman mo ba na parang mapuputol o matatapos nang maaga ang iyong kinabukasan?
- Paano nito nabago ang iyong mga ugnayan sa ibang tao?
- Paano nakaapekto ang pagiging biktima ng krimeng ito sa iyong kakayahang magtrabaho o maging produktibo?
- Paano nito nabago ang iyong relasyon sa iyong pamilya at mga anak?
- Paano nito nabago ang iyong mga pang-araw-araw na gawain at nakagawian?
- Mas natatakot ka ba at mas hindi nagtitiwala sa mga tao? Natatakot ka ba para sa iyong buhay?

- Nakaramdam ka ba ng pagiging malayo o hiwalay sa ibang tao?
- Nakaramdam ka ba ng pagiging manhid sa emosyon o ng kawalan ng kakayahang magpakita ng pagmamahal sa mga taong malapit sa iyo?
- Napinsala ba sa anumang paraan ang iyong mga anak?
- Nakakaranas ba sila ng hirap sa pagtulog o mga problema sa pag-uugali pagkatapos ng insidente? Nagpapakita ba sila ng pagbabago sa asal sa paaralan?
- Nakatanggap ka ba ng tulong mula sa anumang ahensiya ng komunidad? Pinansyal, therapy, o mga serbisyong panlipunan? Mangyaring ilarawan.
- Nakatanggap ka ba ng anumang uri ng counseling o sikolohikal na therapy bilang resulta ng mga insidenteng naganap sa iyong nanakit?
- Natatakot ka ba kailanman sa iyong nanakit?
  - Ano sa kanilang pag-uugali ang nakakatakot para sa iyo?
  - Ano sa palagay mo ang kaya nilang gawin na nagbibigay sa iyo ng takot?

## IX. PAGIGING KAPAKI-PAKINABANG SA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS

- Tinawagan mo ba ang pulis? Kung hindi ikaw ang tumawag, sino ang tumawag?
  - Kung tinawagan mo na ang pulis dati, ilarawan ang mga pangyayari noong huli mong tawag sa kanila.
- Ano ang nangyari habang naghihintay ka sa pagdating ng pulis? Ano ang nangyari nang dumating sila?
  - Inaresto ba nila ang salarin?
  - Nakatakas ba ang salarin?
- Paano kayo nagkaunawaan ng mga pulis?
  - May nagsalin ba para sa iyo? Kung oo, sino? Nagdala ba ng tagasalin ang pulis para sa iyo?
- Ano ang mga tinanong sa iyo ng mga opisyal? Ano ang sinabi mo sa kanila?
  - Sinabi mo ba sa pulis na gusto mong maaresto ang salarin?
- Kumuha ba ng mga litrato ang mga pulis ng iyong mga sugat o ng lugar kung saan naganap ang krimen?
- Tumpak ba ang ulat ng pulis sa paglalarawan ng mga nangyari? Kung hindi, ano ang mga hindi nagtugma o mga pagkakaiba?
- Tinawagan ka ba ng pulis para mag-follow-up o magtanong pa ng karagdagang mga tanong?
  - Sino ang tumawag sa iyo at ilang beses kang tinawagan ng mga opisyal upang magtanong tungkol sa insidente?
- May iba pa bang tumawag sa iyo upang tanungin tungkol sa insidente?
  - Sino sila at ano ang mga tinanong nila sa iyo?
  - Hiningi ba nila na humarap ka sa korte?
  - Sa kanilang opisina?
  - Ano ang naramdaman mo tungkol sa lahat ng mga nangyayari?
- May nakialam bang mga serbisyong panlipunan dahil sa naganap na krimen?

- Kung oo, paano mo sila tinulungan?
- Nasampahan ba ng kaso ang salarin?
  - Naalala mo ba kung ano iyon?
- Nakakuha ka ba ng temporary protection order o restraining order?
  - Nilabag ba ito ng salarin?
  - Kung oo, tinawagan mo ba ang pulis?
- Nakatanggap ka ba ng anumang sulat o abiso mula sa Korte?
  - Mula sa Opisina ng Abogado ng Estado (State Attorney's Office)? Mula sa Kagawaran ng Pulisya?
- Nakatanggap ka ba ng mga tawag sa telepono mula sa Korte?
  - Mula sa Opisina ng Abogado ng Estado? Mula sa Kagawaran ng Pulisya?
  - Sino ang tumawag sa iyo at ano ang kailangan nila?
- Nakatanggap ka ba ng abiso na kailangan mong humarap sa Korte?
  - Nakatanggap ka ba ng Subpoena (utos ng korte na humarap)?
  - Kung oo, pumunta ka ba sa korte?
  - Kung pumunta ka, ilarawan kung ano ang nangyari sa korte.
  - Ano ang naramdaman mo?
  - Nalito ka ba?
  - Natakot ka ba? Bakit?

## **MGA ESTRUKTURADONG TANONG SA PANAYAM PARA SA PAGPAPAUHAY NG HINDI PAGTANGGAP**

Tandaan na maaaring hindi naaangkop ang seksyong ito sa mga indibidwal na hindi sakop ng anumang mga batayan ng hindi pagtanggap (grounds of inadmissibility). Ang isang tao na naghahangad na makapasok sa Estados Unidos sa pamamagitan ng VAWA self-petition, U visa, T visa, o aplikasyon para sa pagiging legal na permanenteng residente ay kailangang matugunan ang ilang mga kinakailangan sa pagiging katanggap-tanggap upang maging kwalipikado na makatanggap ng aprubadong kaso sa imigrasyon, makatanggap ng visa, at sa huli ay maging legal na tinatanggap sa Estados Unidos. Ang batas ng imigrasyon ay naglalaman ng mga listahan ng mga batayan ng hindi pagtanggap, na mahalagang matukoy ng mga tagapagtaguyod at abogado upang maisama sa aplikasyon ng biktima ang mga kahilingan para sa *waiver of inadmissibility* bilang bahagi ng aplikasyon ng kliyente. Ang pagtukoy kung alinman sa mga sumusunod na isyu ay naroroon sa kaso ng imigrasyon ng biktima ay napakahalaga upang matiyak na ang lahat ng kinakailangang *waiver of inadmissibility* ay natukoy at naaksyunan habang inihahanda ang kaso ng imigrasyon ng biktima. Ang kakayahang makakuha ng pag-apruba sa mga kasong imigrasyon sa ilalim ng VAWA, T visa, o U visa ay mas napapabuti kapag ang mga isyu sa hindi pagtanggap ay natutukoy at natutugunan sa pinakamaagang yugto ng proseso ng aplikasyon.

### **X. HINDI PAGTANGGAP**

1. Ano ang labag sa batas na ginawa mo? Ano o sino ang nagtulak sa iyo na gawin ito?
  - Pumasok ka ba sa U.S. bilang menor de edad?
  - Pumasok ka ba nang walang pahintulot upang muling makasama ang iyong pamilya?
  - Tinangka mo bang tumakas mula sa pang-aabuso, pisikal o sekswal na karahasan, o matinding kahirapan?
  - Nagmaneho ka ba nang walang lisensya dahil kailangan mong pumasok sa trabaho, alagaan ang iyong mga anak, o pumunta sa

doktor?

2. Ano ang naging mga kahihinatnan ng labag sa batas na ginawa mo?
  - Naresolba mo ba ang usapin sa pamamagitan ng pagbabayad ng multa?
  - Kailangan mo bang pumunta sa korte?
    - Kung oo, ano ang nangyari sa korte?
    - Umamin ka ba ng kasalanan?
    - Sino ang nagpayong umamin ka ng kasalanan, o bakit mo napagpasyahang umamin?
3. Nanghihinayang ka ba sa ginawa mo?
4. Hilingin sa iyong kliyente na ikuwento ang mga positibong katangian na mayroon sila bilang isang tao. Madalas, hindi napapansin ng mga nakaligtas sa pang-aabuso ang bahaging ito ng kanilang pagkatao. Maaaring itanong ang mga sumusunod:
  - Itinuturing mo ba ang sarili mo bilang isang mabuting tao? Magbigay ng mga detalyadong halimbawa:
    - Isa ka bang responsableng magulang?
    - Isa ka bang masipag na empleyado?
    - Isa ka bang taong sumusunod sa batas?
  - Nagtrabaho ka ba ng mahabang oras o overtime upang suportahan ang iyong pamilya?
  - Mayroon ka bang ilang trabaho upang matustusan ang mga pangangailangan ng pamilya?
  - Ilarawan ang papel mo sa pag-aalaga sa iyong mga anak.
    - Ikinahatid at sinusundo mo ba sila sa paaralan?
    - Ikaw ba ang nagbibihis sa kanila tuwing umaga?
    - Ikaw ba ang naghahanda ng kanilang pagkain?
    - Dinadala mo ba sila sa doktor o dentista?
    - Tinutulungan mo ba sila sa kanilang takdang-aralin o mga proyekto sa paaralan?
    - Kalahok ka ba sa kanilang mga aktibidad sa paaralan?
  - Ilarawan ang mga paborito mong aktibidad kasama ang iyong mga anak.
    - Binabasahan mo ba sila ng mga kuwento bago matulog?
    - Nagdarasal ba kayo nang magkasama?
    - Dinadala mo ba sila sa palaruan?
    - Naglalaro ba kayo nang magkasama?
5. Upang maipakita na ang iyong kliyente ay isang mabuting kasapi ng kanyang komunidad, itanong ang mga sumusunod:
  - Regular ka bang dumadalo sa mga relihiyosong pagsamba?
  - Aktibo ka bang kasapi ng iyong relihiyosong komunidad?
  - Naglalaan ka ba ng oras para magboluntaryo o nagbibigay ng donasyon?
  - Tumutulong ka ba sa iyong mga kapitbahay, kaibigan, o iba pang miyembro ng pamilya?
6. Hilingin sa iyong kliyente na tapusin sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano magbabago ang kanyang buhay kung kailangan niyang umalis sa U.S. Kung ang iyong kliyente ay may mga anak, pag-usapan din kung paano maaapektuhan ang buhay ng mga bata kung kailangan nilang bumalik sa bansa ng pinagmulan ng kliyente.
7. Ano ang mangyayari sa iyo o sa iyong pamilya kung kailangan mong bumalik sa iyong bansang pinagmulan? Natatakot ka bang bumalik sa iyong bansa? Bakit?
  - Ano ang mga kalagayan ng pamumuhay sa iyong bansa?

- Sa tingin mo ba ay magiging ligtas ka roon? Bakit oo o bakit hindi?
  - Mapagkakatiwalaan mo ba ang mga pulis? Marami bang krimen?
  - Mayroon bang mga batas o kaugalian sa iyong bansa na umaapi sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, mga biktima ng diborsiyado, o may mga anak ngunit walang asawa?
  - Pinoprotektahan ba ng pamahalaan ng iyong bansa ang mga biktima ng krimen?
  - Natatakot ka bang gumawa ng masamang hakbang laban sa iyo ang iyong nanakit kapag bumalik ka sa iyong bansa?
    - O sa tingin mo ba ay susubukan kang saktan ng salarin dahil tumawag ka sa pulis?
      - Kung oo, makakatanggap ka ba ng sapat na proteksyon?
  - Natatakot ka bang subukan ng mga kaibigan at pamilya ng iyong nanakit na saktan ka o ang iyong mga anak (pisikal o sikolohikal)?
8. Bakit mo gustong manatili sa Estados Unidos?
- Kung kailangan mong umalis sa U.S., mahiwalay ka ba sa mga mahal mo sa buhay?
  - Magagawa mo pa rin bang suportahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya?
  - Mayroon bang mga serbisyo sa U.S. na hindi mo makukuha kung ma-deport ka (halimbawa: mga social worker, tulong medikal, pagpapayo, mga benepisyo ng gobyerno tulad ng WIC, at iba pa)?
  - Kung ikaw o ang iyong mga anak ay tumatanggap ng gamutan o counseling, magagawa mo ba itong ipagpatuloy sa iyong bansang pinagmulan?
  - Marunong bang magsalita ng katutubong wika ng iyong bansa ang iyong mga anak?
  - Mahihirapan ba silang makibagay o mag-aral sa paaralan sa iyong bansa?
  - Kailangan mo bang manatili sa U.S. upang magkaroon ng access sa korte at/o matulungan ang pulis sa pagsisiyasat laban sa iyong nanakit?
9. Ano ang mga pag-asa o pangarap mo para sa hinaharap, para sa iyong sarili at para sa iyong mga anak?
10. Mayroon ka pa bang nais banggitin o sabihin sa opisyal ng Imigrasyon tungkol sa iyong sarili o sa iyong pamilya?

## **MGA ESTRUKTURADONG TANONG SA PANAYAM NA BATAY SA EBIDENSIYA AT MAY KAALAMAN SA TRAUMA**

Ang mga sumusunod na tanong sa panayam na may kaalaman sa trauma ay idinisenyo upang tulungan ka at ang iyong kliyente na tukuyin ang karagdagang impormasyon na makapagpapatibay sa kaso ng iyong kliyente para sa VAWA o U visa sa iba't ibang paraan. Ang bahaging ito ng estrukturadong panayam ay gagamit ng mga tanong na batay sa pananaliksik at nakabatay sa *trauma-informed approach*. Ang pagdaan sa mga tanong na ito kasama ang iyong kliyente ay makatutulong sa iyo na bumuo ng mas matibay na kaso sa mga isyung may kaugnayan sa matinding kalupitan (*extreme cruelty*), malaking pinsala (*substantial harm*), mabuting asal (*good moral character*), at kwalipikasyon ng iyong kliyente para sa mga *inadmissibility waivers*. Makakatulong din ang mga tanong na ito upang matukoy ang karagdagang mga insidente ng pang-aabuso at kriminal na aktibidad na maaaring hindi lumitaw sa pagsasalaysay ng kuwento o sa mga follow-up na tanong na binanggit sa itaas.

## **XI. Pagtatasa ng Panganib<sup>5</sup>**

Tala para sa mga Tagapagtaguyod at mga Abogado: Ipinakita ng mga pananaliksik sa mga imigranteng nakaligtas sa pang-aabuso na ang adbokasiyang gumagamit ng pagtatasa ng panganib (*danger assessment*) at pagpapalano para sa kaligtasan (*safety planning*) ay may matibay na kaugnayan sa kahandaan ng mga imigranteng nakaligtas na humingi ng *protection orders*, *immigration relief*, at iba pang anyo ng proteksiyong legal. Para sa mga biktimgang nakakuha ng mataas na iskor sa *danger assessment scale*, ito ay isang matibay na palatandaan ng kahalagahan ng agarang pagtulong sa iyong kliyente na maghain ng aplikasyon para sa VAWA o U visa relief. Ito ay dahil ang paghahain ng kaso para sa VAWA, U visa, o iba pang kasong imigrasyon ay makapipigil sa kakayahan ng salarin na magpasimula ng mga aksyong pagpapatupad ng imigrasyon laban sa iyong kliyente at makapagpapalakas ng kanyang plano para sa kaligtasan. Ang pagtatasa ng panganib ay makatutulong din sa iyo na tukuyin ang mga pangunahing bahagi ng ebidensiya na kailangang paunlarin upang mapatunayan ang *battering and extreme cruelty* sa iyong kaso sa ilalim ng VAWA, pati na rin ang pagtukoy sa mga kriminal na gawain at pagpapatunay ng *substantial harm* sa iyong kaso sa ilalim ng U visa. Ang malaking bilang ng mga sagot na “oo” sa mga tanong sa pagtatasa ng panganib ay maaari ring magbigay ng ebidensiya na magagamit mo upang ipaliwanag kung bakit natakot ang iyong kliyente na tumawag ng pulis para humingi ng tulong, makipagtulungan sa mga tagausig, humingi ng tulong medikal, o maghain ng *protection order*.

Script: Maraming salik ng panganib ang nauugnay sa pagtaas ng posibilidad ng pagpatay (*homicide*) sa mga kababaihan at kalalakihang nasa marahas na relasyon. Hindi namin maaaring hulaan kung ano ang mangyayari sa iyong kaso, ngunit nais naming malaman mo ang panganib ng *homicide* sa mga sitwasyong may pang-aabuso at makita kung ilan sa mga salik ng panganib na ito ang naaangkop sa iyong kalagayan.

### **Lagyan ng marka ng Oo o Hindi para sa bawat isa sa mga sumusunod na tanong.**

(Ang salitang “Siya” ay tumutukoy sa iyong asawa, kapareha, dating asawa, dating kapareha, o sinumang kasalukuyang nananakit sa iyo nang pisikal.)

1. Nadagdagan ba ang tindi o dalas ng pisikal na karahasan sa nakalipas na taon?
2. May baril ba siya?
3. Umalis ka ba sa kanya matapos kayong magsama sa nakaraang taon?
  - a. (Kung hindi mo kailanman nakasama siya sa iisang tirahan, lagyan ng marka dit \_\_\_\_\_)
4. Wala ba siyang trabaho ngayon?
5. Nagamit na ba niya ang anumang sandata laban sa iyo o tinakot ka gamit ang isang nakamamatay na sandata?
  - a. (Kung oo, ang sandata ba ay baril? \_\_\_\_\_)
6. Tinatakot ka ba niyang papatayin ka?
7. Naipagtagumpay ba niyang umiwas na maaresto dahil sa karahasan sa tahanan?
8. May anak ka bang hindi kanya?
9. Pinilit ka na ba niyang makipagtalik kahit ayaw mo?

---

<sup>5</sup> Jacquelyn C. Campbell, Ph.D., R.N., *Danger Assessment*, (2003), <http://www.dangerassessment.org/DATools.aspx>.

10. Sinusubukan ka ba niyang sakalin o sakalin ka na ba niya?
11. Gumagamit ba siya ng mga ipinagbabawal na gamot? Sa “gamot,” ibig kong sabihin ay *uppers* o amphetamines, *speed*, *angel dust*, *cocaine*, *crack*, mga bawal na droga sa kalsada, o mga halo-halong uri ng droga.
12. Lasinggero ba siya?
13. Kontrolado ba niya ang karamihan o lahat ng iyong pang-araw-araw na gawain? (Halimbawa: siya ba ang nagsasabi kung sino ang maaari mong maging kaibigan, kung kailan mo maaaring bisitahin ang pamilya mo, kung magkano ang pera mong magagamit, o kung kailan mo maaaring gamitin ang kotse?)
  - a. (Kung sinusubukan niyang kontrolin ka pero hindi mo siya pinapayagan, lagyan ng marka dito: \_\_\_\_\_)
14. Matindi at palagi ba siyang nagseselos sa iyo?
  - a. (Halimbawa, sinasabi ba niya, “Kung hindi kita makukuha, walang ibang makakakuha sa iyo)
15. Binugbog ka na ba niya habang ikaw ay buntis?
  - a. (Kung hindi mo kailanman ipinagbuntis ang kanyang anak, lagyan ng marka dito: \_\_\_\_\_)
16. Nagtangka o nagbanta na ba siyang magpakamatay?
17. Tinatakot ka ba niyang sasaktan ang iyong mga anak?
18. Naniniwala ka bang kaya ka niyang patayin?
19. Sinusundan o tinitiktikan ka ba niya, nag-iiwan ng mga nakakatakot na tala o mensahe sa telepono, sinisira ang iyong mga pag-aari, o tinatawagan ka kahit ayaw mong makipag-usap sa kanya?
20. Nagtangka o nagbanta ka na bang magpakamatay? Kabuuang Bilang ng mga Sagot na “Oo”

## ***XII. Iskala ng mga Paraan sa Pakikitunggali (CTS-2)***<sup>6</sup>

Tala para sa mga Tagapagtaguyod at mga Abogado: Ang karahasan sa tahanan (*domestic violence*) ang nagsisilbing batayan ng lahat ng mga kaso sa ilalim ng VAWA at ng maraming kaso ng U visa. Ang mga sumusunod na tanong ay makatutulong sa iyo upang makakuha ng mahahalagang impormasyon tungkol sa buong saklaw ng pang-aabuso na nagaganap sa relasyon na may kinalaman sa karahasan sa tahanan, pang-aabuso sa bata, o pang-aabuso sa nakatatanda. Sa ilang kaso ng U visa na nakabatay sa sekswal na pag-atake, human trafficking, o iba pang mga krimen, ang mga tanong na ito ay makatutulong din sa iyo na makakuha ng mas kumpletong impormasyon tungkol sa mga pang-aabusong naganap na dapat isama sa aplikasyon ng biktima.

Script: Kahit gaano pa kabuti ang samahan ng mag-asawa o magkapareha, may mga pagkakataong sila ay nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan, naiinis sa isa’t isa, may magkaibang gusto, o nagkakaroon ng pagtatalo o alitan. Ililista ko ang ilang mga bagay na maaaring mangyari kapag

<sup>6</sup> Straus, M.A.; Hamby, S.L.; Boney-McCoy, S.; at Sugarman, D.B. *The Revised Conflict Tactics Scale (CTS2): Pagpapaunlad at Paunang Datos sa Psychometrics. Journal of Family Issues*, 17(3):283–316, 1996.

nagkakaiba kayo ng opinyon o kagustuhan ng iyong kapareha. Para sa bawat bagay na aking babanggitin, sabihin mo kung ilang beses ginawa ito ng iyong kapareha sa nakaraang taon.

| <b>Nitong huling taon.....</b>                            | <b>1-2 beses</b> | <b>3-10 beses</b> | <b>10+ beses</b> | <b>Nangyari, ngunit hindi nitong kasalukuyang taon</b> | <b>Hindi pa nangyayari</b> |
|-----------------------------------------------------------|------------------|-------------------|------------------|--------------------------------------------------------|----------------------------|
| Hinaklit nya ko                                           |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Tinulak nya ko                                            |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Tinapunan nya ko ng bagay na nakakasakit                  |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinampal nya ko                                           |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Pinilipit nya braso ko                                    |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Hinila nya o sinabunutan ka nya                           |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinipa ka nya                                             |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Binugbug ka nya                                           |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinuntok o hinataw ka nya ng isang bagay na nakakasakit   |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Tinulak nya ko sa pader                                   |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinakal nya ko                                            |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinadya nya ko pasuin                                     |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinabi nya na sasaksakin o babarilin nya ko               |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Sinaktan nya ko nong buntis ako                           |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Pinilit nya ko makipagtalik                               |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Hindi sya gumamit ng condom sa pagtatalik                 |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Nakipagtalik ako kasi natatakot ako sa maaari nyang gawin |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Masakit sa katawan hanggang sa kinabukasan                |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Meron ako sugat gawa ng pangaabuso nya                    |                  |                   |                  |                                                        |                            |
| Nahimatay ako sa lakas ng suntok nya sa akin              |                  |                   |                  |                                                        |                            |

| Nitong huling taon.....                              | 1-2 beses | 3-10 beses | 10+ beses | Nangyari, ngunit hindi nitong kasalukuyang taon | Hindi pa nangyayari |
|------------------------------------------------------|-----------|------------|-----------|-------------------------------------------------|---------------------|
| Nabalian ako gawa ng pangaabuso nya                  |           |            |           |                                                 |                     |
| Nagpunta ako sa doctor gawa ng pangaabuso nya        |           |            |           |                                                 |                     |
| Meron ako peklat gawa ng pangaabuso nya              |           |            |           |                                                 |                     |
| Meron ako pisikal na sakit gawa ng pangaabuso nya    |           |            |           |                                                 |                     |
| Meron ako emotional na pananakit gawa pangaabuso nya |           |            |           |                                                 |                     |

#### XIV. Sukatan ng Pamimilit sa Malapit na Ugnayan o Relasyon<sup>7</sup>

Tala para sa mga Tagapagtaguyod at mga Abogado: Ipinakita ng mga pananaliksik na ang pagtukoy at pagsukat sa *coercive control* o pamimilit sa mga relasyon ng magkapareha ay nagbibigay ng mas malinaw at tumpak na larawan ng kung paano nagaganap ang paggamit ng kapangyarihan at kontrol sa mga mapang-abusong relasyon. Dahil ang karahasan sa tahanan ayon sa batas ng imigrasyon ay tinutukoy bilang “*battering or extreme cruelty*” at sumasaklaw sa mas malawak na hanay ng mga mapang-abusong pag-uugali kaysa sa karamihan ng mga batas ng estado tungkol sa *protection orders* at *criminal domestic violence*, ang pagtukoy sa *coercive control* sa mga mapang-abusong relasyon ay napakahalaga sa pagpapatunay ng *extreme cruelty* para sa mga kaso sa ilalim ng VAWA. Sa parehong paraan, para sa mga kaso ng U visa, ang ebidensiya ng *coercive control* ay nagbibigay ng konkretong patunay at detalye ng *substantial harm*, kung paano ito isinasagawa, at kung paano ito nakaapekto sa biktima.

Ang *Intimate Partner Violence (IPV) Coercion Measure* na ito ay naglalayong tukuyin at sukatin ang siklo ng *coercive control* o pamimilit sa isang mapang-abusong relasyon. Sa ganitong mga sitwasyon--

- Isang panig ang naghahanda ng kalagayan upang iparamdam sa kabila ang pangamba sa posibleng nalalapit na karahasan sa pamamagitan ng:
  - paglikha ng mga kahinaan,
  - pagsasamantala sa umiiral na mga kahinaan,
  - pagpahina sa kakayahan ng biktima na lumaban o manindigan, at
  - pagpapalalim ng emosyonal na pagkapit o pagdikit
- Pagkatapos nito, nagsisimula ang *cycle of coercive control*, na binubuo ng:
  - Pamimilit na Hinihingi o Inaasahan

<sup>7</sup> Dutton et al., *Intimate Partner Violence (IPV) Coercion Measure*, (2006)

- Mapanuring Banta o Tunay na Banta – makabuluhan at negatibong parusa o kahihinatnan kapag hindi sumunod, at ang posibilidad na maisasakatuparan ito (may kagustuhan, kakayahan, at kahandaan ang umaabuso)
- Pagmamanman o Pagsubaybay
- Pagsasakatuparan ng mga Binalang Parusa

### **Pagtataya o (Pag-unawa) sa Pamimilit sa Relasyon ng Magkapareha<sup>8</sup>**

Ang *Pagtataya ng Pamimilit sa Relasyon ng Magkapareha (Appraisal of IPV Coercion)* ay tumutukoy sa pag-unawa sa posibilidad na ang isang kapareha ay gagawa o susubok gumawa ng makabuluhan at negatibong parusa bilang tugon sa hindi pagsunod ng biktima sa isang hinihingi o inaasahan. Mahalaga ang pananalitang “gagawa o susubok gumawa” dahil maaaring tangkaing gawin ng umaabuso ang banta ngunit hindi magtagumpay dahil sa pagtutol ng biktima—subalit ito ay nananatiling *coercion* o pamimilit.

Ang *IPV Coercion* ay ang pagpapahayag ng banta ng isang makabuluhan at kapani-paniwalang negatibong parusa bilang tugon sa hindi pagsunod sa isang hinihingi o inaasahan. Binubuo ito ng tatlong pangunahing bahagi:

1. Ang pagpapahayag ng hinihingi o inaasahan,
2. Ang pagpapahayag ng banta ng parusa kung hindi susunod sa hinihingi o inaasahan, at
3. Ang makatwirang kakayahan o posibilidad na maisasakatuparan ang banta.

Itanong sa iyong kliyente kung ang mga sumusunod na bagay ay nagaganap sa kanilang relasyon, at kung oo, gaano kadalas o hanggang saan ang mga ito ay nangyayari. Kung oo ang sagot, itanong din kung sa tuwing hindi niya ginagawa ang mga bagay na ito, ang kanyang kapareha ay gumaganti o nagbabalik sa kanya sa pamamagitan ng pananakit o paggawa ng mapanirang bagay.

#### **Mga Personal na Gawain:**

1. Huwag lumabas ng bahay.
2. Huwag kumain ng ilang partikular na pagkain.
3. Matulog sa lugar na sinasabi niya.
4. Matulog sa oras na sinasabi niya.
5. Magsuot (o huwag magsuot) ng ayon sa kanyang gusto.
6. Maligo o gumamit ng banyo lamang kapag pinapayagan niya.
7. Maligo o gumamit ng banyo lamang kapag pinapayagan niya.
8. Huwag magbasa, manood ng TV, makinig sa radyo, o gumamit ng internet.
9. Manood o magbasa ng mga materyales na may nilalamang sekswal (video o babasahin).

#### **Suporta / Buhay Panlipunan / Pamilya:**

10. Huwag makipag-usap sa mga kaibigan o miyembro ng pamilya sa telepono.
11. Huwag gumugol ng oras kasama ang mga kaibigan o miyembro ng pamilya.

<sup>8</sup> Oktubre 16, 2020: Coercive Control sa mga Pamilya, ang Epekto sa mga Bata at Matinding Kalupitan (Presentasyon ni Evan Stark) <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/coercive-control-extreme-cruelty>.

12. Huwag makipag-usap sa iba sa mga pagtitipon o sitwasyong panlipunan.  
Huwag lumahok sa simbahan, paaralan, o iba pang gawaing pangkomunidad.
13. Huwag humingi ng tulong mula sa tagapayo, pari, social worker, tagapagtaguyod, o iba pang taong nagbibigay ng suporta o propesyonal na tulong.

#### **Sambahayan**

14. Alagaan ang bahay sa paraang sinasabi niya.
15. Bumili o maghanda ng pagkain sa paraang gusto niya.
16. Tumira sa lugar na sinasabi niya.

#### **Trabaho / Ekonomiya / Mga Yaman**

17. Huwag magtrabaho.
18. Magkaroon ng uri ng trabaho na siya ang pumili.
19. Magtrabaho ayon sa oras o dami ng trabaho na itinakda niya.
20. Gumastos ng pera o gumamit ng credit card lamang sa mga bagay na pinapayagan niya.
21. Huwag matuto ng ibang wika (Ingles o iba pa).
22. Huwag pumasok sa paaralan.
23. Huwag gamitin ang kotse o trak.
24. Huwag gamitin o tingnan ang *checkbook* o iba pang talaan sa pananalapi.

#### **Mga Anak / Pagiging Magulang**

25. Alagaan ang mga anak sa paraang sinasabi niya.
26. Dumidisciplina sa mga anak ayon sa kanyang gusto.
27. Huwag gumawa ng sariling pasya tungkol sa mga anak.

#### **Kalusugan**

28. Huwag uminom ng ilang partikular na gamot o pumunta sa doktor.
29. Huwag gumamit ng *birth control* (kontraseptibo).
30. Magpa-abort o huwag magpa-abort.
31. Gumamit ng droga o alak..

#### **Malapit na Ugnayan**

32. Makipagtalik sa kanya kapag gusto niya.
33. Gumawa ng mga gawaing sekswal sa paraang sinasabi niya.
34. Makipag-usap sa kanya lamang kapag pinapayagan niya.
35. Maglaan ng oras kasama siya kapag gusto niya.
36. Makipagtalik sa ibang tao kapag inutusan ka niya.
37. Huwag makipaghiwalay, iwanan ang relasyon, o magpafile ng diborsiyo.

#### **Legal**

38. Gumawa ng mga bagay na labag sa batas.
39. Samahan siya kapag gumagawa siya ng mga bagay na labag sa batas.

40. Magdala ng baril.

**Mga Follow-Up na Tanong para sa Pagtataya ng Mga Uri ng Pamimilit sa Relasyon (IPV Coercion) – Inaasahang mga Kahihinatnan Kapag Hindi Sumunod:**

*Alin sa mga sumusunod na partikular na uri ng mga kahihinatnan ang pinaniniwalaan mong aktuwal na gagawin (o susubukang gawin) ng iyong kapareha sa hinaharap kung hindi mo susundin ang gusto niya?*

1 = oo

2 = hindi

1. Saktan ka sa damdamin.
2. Pahiyaing o ipahiya ka.
3. Saktan sa damdamin ang iyong mga anak.
4. Saktan sa damdamin ang iyong mga kaibigan o miyembro ng pamilya.
5. Pigilan kang makipagkita o makipag-usap sa iba.
6. Ibunyag sa iba ang mga personal mong impormasyon (kalagayang medikal, sekswal na oryentasyon, nakaraang pag-uugali).
7. Pigilan kang makagalaw o ikulong ka sa bahay o sa isang silid.
8. Saktan ka nang pisikal.
9. Patayin ka.
10. Saktan nang pisikal ang iyong mga anak.
11. Patayin ang iyong anak.
12. Saktan nang pisikal ang iyong kaibigan o miyembro ng pamilya.
13. Patayin ang iyong kaibigan o miyembro ng pamilya.
14. Pigilan kang uminom ng gamot.
15. Ipapasok ka sa isang mental na ospital.
16. Pigilan kang makita ang iyong mga anak.
17. Agawin sa iyo ang iyong mga anak.
18. Sirain o kunin ang iyong mga ari-arian.
19. Magdulot sa iyo ng pagkawala ng trabaho.
20. Magdulot sa iyo ng pagkawala ng tirahan.
21. Sirain ka sa aspetong pinansyal.
22. Sirain ang mga legal na dokumento.
23. Takutin kang magkakaproblema sa batas.
24. Iparating sa awtoridad upang ipaaresto ka.
25. Takutin kang ipapa-deport.

**Paglahok ng mga Ikatlong Panig:**

***Sa palagay mo ba susubukan ng iyong kapareha na kunin o gamitin ang alinman sa mga sumusunod na tao upang tulungan siya na gawin ang alinman sa mga masasakit na bagay na ito sa hinaharap?***

1 = oo

2 = hindi

1. Pulis, tagausig (prosecutor), hukom, opisyal ng probation, o sinuman sa sistema ng hustisya
2. Ministro, pari, rabbi, o ibang lider espirital
3. Kaibigan o miyembro ng pamilya ng iyong kapareha
4. Kaibigan o miyembro ng iyong pamilya
5. Doktor, nars, tagapayo, o iba pang tao sa pangangalagang pangkalusugan
6. DHS — Imigrasyon
7. IRS
8. Mafia
9. Iba pa

**Nakaraang Pamimilit  
sa Relasyon ng  
Magkapareha  
Pagmamanman o  
Pagsubaybay:**

Noon ba, tiningnan o sinuri ng iyong kapareha kung ginawa mo ang mga bagay na kanyang hinihingi o inaasahan?

1 = oo

2 = hindi

(Kung oo)

Alin sa mga sumusunod na bagay ang ginawa (o sinubukang gawin) ng iyong kapareha upang suriin kung talagang ginawa mo ang gusto niya?

1. Tinawagan ka.
2. Sinuri ang sasakyan (odometer, kung saan ipinarada).
3. Tinanong ang mga anak.
4. Tinanong ang ibang tao (maliban sa mga anak).
5. Inutusan kang iulat sa kanya ang iyong mga kilos o ginawa.
6. Gumamit ng recorder.
7. Sinuri ang iyong mga damit.
8. Sinuri ang bahay.
9. Hindi kailangang suriin, sinasabi o kumikilos siya na parang alam na niya.
10. Iba pa.

### **Nakaraang Tugon sa Pamimilit:**

Noon, gaano kadalas mong tumugon sa mga sumusunod na paraan sa banta ng iyong kapareha na gagawa siya ng isang mapanakit na bagay kung hindi mo susundin ang kanyang mga hinihingi o inaasahan?

- 1-Hindi kailanman o hindi pa nagawa
  - 2-Madalang o hindi madalas
  - 3-Paminsan-minsan
  - 4- Madalas
  - 5- Palagi
- 
1. Ginawa ko ang gusto ng aking kapareha kahit ayaw ko talaga.
  2. Pinilit kong kumbinsihin ang sarili ko na gusto kong gawin ang gusto ng aking kapareha, kahit sa simula ay ayaw ko.
  3. Wala akong ginawa.
  4. Sinabi ko sa aking kapareha na hindi ko ito gagawin.
  5. Sinubukan kong kausapin ang aking kapareha upang pigilan siyang ipilit na gawin ko ito.
  6. Tinangka kong ipagpaliban o bumili ng oras upang hindi agad gawin ang gusto niya.
  7. Humingi ako ng tulong sa ibang tao upang makatulong sa pagtutol sa gusto ng aking kapareha.
  8. Tinanggihan ko ang gusto ng aking kapareha sa ibang paraan.
  9. Inilihis ko ang atensyon ng aking kapareha upang makalimutan niya ang gusto niyang ipagawa sa akin.
  10. Iba pa.

### **Mga Partikular na Kahihinatnan Dahil sa Hindi Pagsunod sa Nakaraang Pamimilit:**

Noon, alin sa mga sumusunod na partikular na uri ng mga kahihinatnan ang aktuwal na ginawa (o sinubukang gawin) ng iyong kapareha kapag hindi mo sinunod ang kanyang mga hinihingi o inaasahan?

- 1 = oo
  - 2 = hindi
- 
1. Saktan ka sa damdamin.
  2. Pahiyaing o ipahiya ka.
  3. Saktan sa damdamin ang iyong mga anak.
  4. Saktan sa damdamin ang iyong mga kaibigan o miyembro ng pamilya.
  5. Pigilan kang makipagkita o makipag-usap sa iba.
  6. Ibunyag sa iba ang iyong personal na impormasyon (halimbawa: kalagayang medikal, sekswal na oryentasyon, nakaraang pag-uugali).

7. Pigilan kang makagalaw o ikulong ka sa bahay o sa isang silid.
8. Saktan ka nang pisikal.
9. Sinubukang patayin ka.
10. Saktan nang pisikal ang iyong mga anak.
11. Sinubukang patayin ang iyong anak.
12. Saktan nang pisikal ang iyong kaibigan o miyembro ng pamilya.
13. Sinubukang patayin ang iyong kaibigan o miyembro ng pamilya.
14. Pigilan kang uminom ng gamot.
15. Ipasok ka sa isang mental na ospital.
16. Pigilan kang makita ang iyong mga anak.
17. Agawin sa iyo ang iyong mga anak.
18. Sirain o kunin ang iyong mga ari-arian.
19. Magdulot sa iyo ng pagkawala ng trabaho.
20. Magdulot sa iyo ng pagkawala ng tirahan.
21. Sirain ka sa aspetong pinansyal.
22. Sirain ang mga legal na dokumento.
23. Takutin kang magkakaproblema sa batas.
24. Ipaaresto ka.
25. Takutin kang ipapa-deport.

#### ***XV. Iskala ng Pagtataya ng Banta at Takot sa Karahasang Ginagawa ng Kapareha<sup>9</sup>***

Tala para sa mga Tagapagtaguyod at mga Abogado: Ang mga sumusunod na tanong ay magiging kapaki-pakinabang sa mga kasong *VAWA self-petitioning* dahil nagbibigay ito ng mahalagang ebidensya tungkol sa “matinding kalupitan” (*extreme cruelty*). Ang pagtataya ng biktima tungkol sa kung ano ang maaaring mangyari sa kanya sa hinaharap ay nakabatay sa mga karanasan niya ng pamimilit (*coercion*), pagbabanta (*threats*), pananakot (*intimidation*), pag-iisa (*isolation*), at pang-aabusong naranasan niya sa nakaraan. Sa mga kasong *VAWA cancellation* at *suspension*, ang iskala na ito ay makapagbibigay ng mahahalagang impormasyon upang mapatunayan ang “matinding paghihirap” (*extreme hardship*).

Sa mga kaso ng *U visa*, nagbibigay naman ang iskala na ito ng impormasyong mahalaga sa pagbuo ng kaso para sa *substantial harm* at sa pagkuha ng *inadmissibility waivers*. Ang lahat ng kaso sa ilalim ng *VAWA* at *U visa* ay mga anyo ng makataong tulong (*humanitarian relief*); kaya’t ang mga sumusunod na salik ay maaaring gamitin upang kumbinsihin ang DHS na ang panganib ng pinsala sa iyong kliyente ay tunay. Maaari rin itong makatulong sa pagkuha ng *fee waivers* at sa pagpapalakas ng lahat ng bahagi ng kaso ng biktima kung saan kailangang kumbinsihin ang DHS na gamitin ang kanilang pagpapasya pabor sa biktima.

Script: Itatanong ko sa iyo kung gaano mo pinaniniwalaang maaaring gawin ng iyong kapareha ang ilang bagay sa loob ng susunod na taon. Para sa bawat pahayag, ituro mo sa bahagi ng iskala sa pagitan ng “Hindi Kailanman” at “Tiyak na Mangyayari” kung gaano kalaki ang posibilidad na mangyari ito ayon sa iyong palagay. Walang tama o maling sagot — ang mahalaga ay kung ano ang iyong nararamdaman. Mayroon ka bang mga tanong bago tayong magsimula?

---

<sup>9</sup> Dutton et al., Intimate Partner Violence (IPV) Threat Appraisal and Fear Scale, (2001).

Sa susunod na taon, gaano mo pinaniniwalaang posible na ang iyong kapareha ay...

|                                                                                                                        | Hindi naman | May Kaunting Pagkakatao | Mataas na Pagkakataon | Tiyak |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------|-------------------------|-----------------------|-------|
| Magbanta na saktan ka nang pisikal                                                                                     |             |                         |                       |       |
| Talagang saktan ka nang pisikal                                                                                        |             |                         |                       |       |
| Pilitin kang makipagtalik laban sa iyong kagustuhan                                                                    |             |                         |                       |       |
| Subukang patayin ka                                                                                                    |             |                         |                       |       |
| Kontrolin o dominahin ka                                                                                               |             |                         |                       |       |
| Mapahiya ka                                                                                                            |             |                         |                       |       |
| Agawin ang iyong pera                                                                                                  |             |                         |                       |       |
| Sabihin sa iyo na saktan niya nang pisikal ang isang taong kilala mo, tulad ng mga kaibigan, katrabaho, magulang, atbp |             |                         |                       |       |
| Talagang saktan nang pisikal ang isang taong kilala mo, tulad ng mga kaibigan, katrabaho, magulang, atbp               |             |                         |                       |       |
| Tumawag sa mga awtoridad sa imigrasyon upang ilagay ka sa problema                                                     |             |                         |                       |       |
| Tumawag sa pulis upang ilagay ka sa problema                                                                           |             |                         |                       |       |
| Itaboy ka o i-lock palabas ng bahay o kuwarto                                                                          |             |                         |                       |       |
| Sirain ang iyong ari-arian o mahahalagang dokumento                                                                    |             |                         |                       |       |
| Lalabag sa isang utos ng proteksyon                                                                                    |             |                         |                       |       |
| Hanapin ka o sundan ka hanggang matagpuan ka                                                                           |             |                         |                       |       |
| Subukang kunin, agawin ang kustodiya, o dukutin ang iyong anak o mga anak                                              |             |                         |                       |       |
| Hindi mag-sponsor o magsampa ng petisyon para sa green card o visa para sa iyo o sa iyong mga anak                     |             |                         |                       |       |

## XVI. Pagkilala sa Pagdurusang Kaugnay ng Trauma<sup>10</sup>

Tala para sa mga Tagapagtaguyod at mga Abogado: Ang mga kaso sa ilalim ng *VAWA* ay higit na pinatitibay kapag nailalarawan ng biktima sa kanyang salaysay hindi lamang ang mga pangyayaring naranasan niya, kundi pati ang mga epekto ng pananakit o matinding kalupitan sa kanya. Ang mga sumusunod na tanong ay tumutulong upang mapatunayan ang *extreme cruelty*, *extreme hardship*, at upang suportahan ang ebidensya ng pananakit (*battery*) at ng iba't ibang anyo ng pisikal at sekswal na karahasan na naganap sa mapang-abusong relasyon. Sa mga kaso ng *U visa*, ang mga tanong na ito ay nagbibigay ng matibay na ebidensya ng *substantial harm* bilang resulta ng pagiging biktima ng mga gawaing kriminal. Ang mga item na nakalista sa ibaba ay makatutulong sa mga tagapagtaguyod at abogado na mas lubos na makilala at mailarawan ang pagdurusang kaugnay ng trauma (*trauma-related distress*) sa aplikasyon ng biktima para sa *immigration relief*.

Tagubilin para sa pasyente: Nasa ibaba ang isang listahan ng mga suliranin at reklamo na karaniwang nararanasan ng mga beterano bilang tugon sa mga nakapagdudulot ng matinding stress sa buhay. Basahin nang mabuti ang bawat isa, at lagyan ng “X” ang kahon upang ipahiwatig kung gaano kalaki ang pagkabalisa o abala na idinulot sa iyo ng problemang iyon sa nakalipas na buwan.

| Hindi. | Tugon:                                                                                                                                               | Hindi naman (1) | Kaunti lang (2) | Katamtaman (3) | Medyo marami (4) | Lubos (5) |
|--------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------|-----------------|----------------|------------------|-----------|
| 1.     | Paulit-ulit, nakakagambala, at hindi kanais-nais na mga alaala ng nakaka-stress na karanasan?                                                        |                 |                 |                |                  |           |
| 2.     | Paulit-ulit, nakakagambalang mga panaginip tungkol sa nakaka-stress na karanasan?                                                                    |                 |                 |                |                  |           |
| 3.     | Biglaang pakiramdam o pagkilos na parang muling nangyayari ang nakaka-stress na karanasan (na para bang naroroon ka muli at muling nararanasan ito)? |                 |                 |                |                  |           |

<sup>10</sup> Ang listahang ito ay isinama upang tulungan ang mga tagapagtaguyod at mga abogado na nagtatrabaho kasama ang mga imigranteng nakaligtas sa karahasan sa pagtukoy ng mga salik ng pagkabalisa na may kaugnayan sa trauma na maaaring naranasan ng mga biktima. Ito ay kinuha mula sa **PCL-5 (DSM-V)**. *PCL-5 (8/14/2013)* Weathers, Litz, Keane, Palmieri, Marx, & Schnurr — *National Center for PTSD*. Bagama't ang mga impormasyong nakokolekta ng sukatang ito ay maaaring maging lubhang kapaki-pakinabang sa mga kasong imigrasyon ng *VAWA*, T, at U visa sa iba't ibang paraan, ang mga tagapagtaguyod at mga abogado ay hindi dapat gumamit ng sukatang ito upang magpasya kung ang isang kliyente ay may partikular na diagnosis sa kalusugang pangkaisipan. Tanging ang mga bihasang propesyonal sa kalusugang pangkaisipan lamang ang may kwalipikasyon upang gumawa ng ganitong mga diagnosis. Ang mga kasong imigrasyon sa ilalim ng *VAWA*, T, at U visa ay pinagpapasyahan batay sa mga katotohanan ng krimen at sa mga epekto nito sa biktima; hindi kailangan ang diagnosis sa kalusugang pangkaisipan. Kapag ang mga taong hindi propesyonal sa larangan ng kalusugang pangkaisipan ay nagtangkang gumawa ng mga konklusyon hinggil sa diagnosis batay sa sukatang ito o sa iba pang katulad nito, ang maling diagnosis mula sa mga hindi sanay na propesyonal ay maaaring makasira sa kredibilidad ng kaso ng imigrasyon ng biktima.

| <b>Hindi.</b> | <b>Tugon:</b>                                                                                                                                                                                                                                       | <b>Hindi naman (1)</b> | <b>Kaunti lang (2)</b> | <b>Katamtaman (3)</b> | <b>Medyo marami (4)</b> | <b>Lubos (5)</b> |
|---------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------|------------------------|-----------------------|-------------------------|------------------|
| 4.            | Pakiramdam ng matinding pagkabalisa kapag may bagay na nagpapaalala sa iyo ng nakaka-stress na karanasan?                                                                                                                                           |                        |                        |                       |                         |                  |
| 5.            | Pagkakaroon ng matinding pisikal na reaksiyon kapag may bagay na nagpapaalala sa iyo ng nakaka-stress na karanasan (halimbawa, mabilis ang tibok ng puso, hirap sa paghinga, pagpapawis)?                                                           |                        |                        |                       |                         |                  |
| 6.            | Pag-iwas sa mga alaala, iniisip, o damdaming may kaugnayan sa nakaka-stress na karanasan?                                                                                                                                                           |                        |                        |                       |                         |                  |
| 7.            | Pag-iwas sa mga panlabas na bagay na nagpapaalala sa nakaka-stress na karanasan (halimbawa, mga tao, lugar, pag-uusap, gawain, bagay, o sitwasyon)?                                                                                                 |                        |                        |                       |                         |                  |
| 8.            | Nahihirapang maalala ang mahahalagang bahagi ng nakaka-stress na karanasan?                                                                                                                                                                         |                        |                        |                       |                         |                  |
| 9.            | Pagkakaroon ng matitinding negatibong paniniwala tungkol sa iyong sarili, sa ibang tao, o sa mundo (halimbawa, mga pag-iisip tulad ng: “Masama ako,” “May seryosong mali sa akin,” “Walang mapagkakatiwalaan,” at “Lubos na mapanganib ang mundo”)? |                        |                        |                       |                         |                  |
| 10.           | Pagsisisi sa sarili o sa ibang tao para sa nakaka-stress na karanasan o sa mga nangyari pagkatapos nito?                                                                                                                                            |                        |                        |                       |                         |                  |
| 11.           | Pagkakaroon ng matitinding negatibong damdamin tulad ng takot, hilakbot, galit, pagkakasala, o kahihiyan?                                                                                                                                           |                        |                        |                       |                         |                  |
| 12.           | Kawalan ng interes sa mga gawain na dati mong kinagigiliwan?                                                                                                                                                                                        |                        |                        |                       |                         |                  |
| 13.           | Pakiramdam na malayo o nahiwalay ka sa ibang tao?                                                                                                                                                                                                   |                        |                        |                       |                         |                  |

| Hindi. | Tugon:                                                                               | Hindi naman (1) | Kaunti lang (2) | Katamtaman (3) | Medyo marami (4) | Lubos (5) |
|--------|--------------------------------------------------------------------------------------|-----------------|-----------------|----------------|------------------|-----------|
| 14.    | Nahihirapang makaranas ng positibong damdamin (halimbawa,                            |                 |                 |                |                  |           |
| 15.    | Pagiging magagalitin, biglaang pagsabog ng galit, o pag-uugaling                     |                 |                 |                |                  |           |
| 16.    | Pagkuha ng labis na mga panganib o paggawa ng mga bagay na maaaring makasama sa iyo? |                 |                 |                |                  |           |
| 17.    | Pagiging “sobrang alerto,” mapagbantay, o laging handa sa panganib?                  |                 |                 |                |                  |           |
| 18.    | Madaling magulat o maramdaman ang kaba?                                              |                 |                 |                |                  |           |
| 19.    | Nahihirapang magtuon ng pansin?                                                      |                 |                 |                |                  |           |
| 20.    | Nahihirapang makatulog o manatiling tulog?                                           |                 |                 |                |                  |           |

## XVII. Kwestyunaryo sa Kalusugan ng Pasyente (PHQ-9)<sup>11</sup>

Tala para sa mga Tagapagtaguyod at mga Abogado: Ang mga sumusunod na tanong ay nagbibigay ng karagdagang pagkakataon upang maunawaan kung paano nakaapekto sa kakayahan ng iyong kliyente ang pananakit, matinding kalupitan, at mga gawaing kriminal na ginawa laban sa kanya sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay. Maaari itong magsilbing matibay na ebidensya ng *extreme cruelty* sa mga *VAWA self-petitioning cases*, gayundin bilang ebidensya para sa *fee* at *inadmissibility waivers*, kabilang ang *domestic violence victim waiver* para sa layunin ng pagpapakita ng *good moral character*. Sa mga kaso ng *U visa*, ang mga tanong na ito ay nagbibigay ng karagdagang at makapangyarihang ebidensya ng *substantial harm* na higit pa sa pisikal na pinsala. Ang ebidensiyang ito ay mahalaga sa pagkuha ng *inadmissibility at fee waivers* para sa mga kaso ng *U visa*. Sa lahat ng kaso, ang ebidensiyang ito — at ang ebidensiyang makukuha mula sa *Trauma-Related Distress Checklist* — ay maaaring gamitin upang makakuha ng *fee waivers* sa mga aplikasyon para sa *work authorization*.

<sup>11</sup> PHQ9 Copyright © Pfizer Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Ginamit nang may pahintulot. Ang PRIME-MD ® ay isang trademark ng Pfizer Inc. Ang listahang ito ay isinama upang tulungan ang mga tagapagtaguyod at mga abogado na nagtatrabaho kasama ang mga imigranteng nakaligtas sa karahasan na matukoy ang mga sintomas ng pagkabalisa o depresyon na maaaring kanilang nararanasan. Bagama’t ang mga impormasyong nakokolekta ng sukatang ito ay maaaring maging lubhang kapaki-pakinabang sa mga kasong imigrasyon ng *VAWA*, *T*, at *U visa* sa iba’t ibang paraan, ang mga tagapagtaguyod at abogado ay hindi dapat gumamit ng sukatang ito upang magpasya kung ang isang kliyente ay may partikular na diagnosis sa kalusugang pangkaisipan. Tanging ang mga bihasang propesyonal sa kalusugang pangkaisipan lamang ang may kwalipikasyon upang gumawa ng ganitong mga diagnosis.

Sa nakalipas na 2 linggo, gaano kadalas kang nabahala o naabala ng alinman sa mga sumusunod na problema? (Gamitin ang “X” upang tukuyin ang iyong sagot)

|                                                                                                                                                                             | Hindi naman                                                                                      | Ilang araw | Higit sa kalahati ng mga araw | Halos araw-araw |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------|------------|-------------------------------|-----------------|
| 1. Kaunting interes o kasiyahan sa paggawa ng mga bagay                                                                                                                     | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 2. Pakiramdam na malungkot, nade-depress, o nawawalan ng pag-asa                                                                                                            | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 3. Nahihirapang makatulog o manatiling tulog, o labis na pagtulog                                                                                                           | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 4. Pagkakaramdam ng pagod o kakulangan sa enerhiya                                                                                                                          | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 5. Mababang gana kumain o labis na pagkain                                                                                                                                  | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 6. Pagkakaramdam ng masama tungkol sa sarili – o pakiramdam na isa kang kabiguan o nabigo mo ang iyong sarili o ang iyong pamilya                                           | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 7. Paghihirap sa pagtuon ng pansin sa mga bagay, tulad ng pagbabasa ng diyaryo o panonood ng telebisyon                                                                     | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 8. Paggalaw o pagsasalita nang sobrang bagal na napansin na ito ng ibang tao. O kabaligtaran – pagiging balisa o hindi mapakali na mas marami kang pagkilos kaysa karaniwan | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
| 9. Mga pag-iisip na mas mabuting patay ka na o saktan ang sarili                                                                                                            | 0                                                                                                | 1          | 2                             | 3               |
|                                                                                                                                                                             | Magdagdag ng mga kolum:                                                                          |            |                               |                 |
|                                                                                                                                                                             | Kabuuan:                                                                                         |            |                               |                 |
| 10. Kung may anumang problema kang itinukoy, gaano kahirap ng mga problemang ito para sa iyo na magtrabaho, alagaan ang mga bagay sa bahay, o makisama sa ibang tao?        | Hindi mahirap<br>_____<br>Medyo mahirap<br>_____<br>Mahirap<br>_____<br>Lubhang mahirap<br>_____ |            |                               |                 |

### ***XVIII. Kwestyunaryo sa Pagsusuri ng mga Nakapagdudulot ng Matinding Stress sa (SLESQ)<sup>12</sup>***

Ang *SLESQ* (*Stressful Life Events Screening Questionnaire*) ay kapaki-pakinabang sa pagtukoy ng iba’t ibang uri ng mga karanasang may kaugnayan sa trauma. Ipaliwanag sa iyong kliyente na ang mga sumusunod na tanong ay tumutukoy sa mga pangyayaring maaaring naganap sa anumang yugto ng kanyang buhay, kabilang na ang pagkabata. Kung ang isang pangyayari o patuloy na sitwasyon ay naganap nang higit sa isang beses, tiyaking itala ang lahat ng kaugnay na impormasyon tungkol sa mga karagdagang pangyayaring iyon. **UNA, pagdaanan muna ang mga pangyayari at simpleng itanong kung naganap ba ito o hindi (Oo/Hindi). IKALAWA, magpasya nang may maingat na paghatol kung sa mga tanong na sinagot ng “Oo” ay kinakailangan at mahalagang ilahad ang karagdagang detalye para sa aplikasyon. Kung oo, sundin ang mga gabay na tanong upang maitala ang mga detalye.**

Tala para sa mga Abogado at mga Tagapagtaguyod: Ang mga sumusunod na tanong ay maaaring magbigay ng impormasyon na, sa mga kaso ng *VAWA*, ay makapagbibigay ng karagdagang ebidensya ng pananakit (*battering*) o matinding kalupitan (*extreme cruelty*). Sa mga kaso naman ng *U visa*, ang impormasyong makakalap mula sa mga tanong sa ibaba ay maaaring magbigay ng mahalagang detalye upang mapatibay ang ebidensya ng *substantial harm* at makatulong sa pagkuha ng *inadmissibility waivers*. Maaari ring makatulong ang mga tanong na ito—sa parehong mga kaso ng *VAWA* at *U visa*—upang matuklasan ang iba pang mga insidente ng pang-aabuso o mga gawaing kriminal na magpapatibay sa kaso ng iyong kliyente.

| Oo | Hindi | Tanong Tungkol sa Trauma                                                           | <b>• Mga Paalala para sa Mas Detalyadong Sagot</b>                                                                                                                                                                                                     |
|----|-------|------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|    |       | <b>1. Naranasan mo na bang magkaroon ng karamdaman na nagbanta sa iyong buhay?</b> | <ul style="list-style-type: none"><li>• Kung oo, sa anong edad?</li><li>• Habang Panahon ng Karamdaman</li><li>• Ilarawan ang tiyak na karamdaman</li></ul>                                                                                            |
|    |       | <b>2. Naranasan mo na bang maaksidente na nagbanta sa iyong buhay?</b>             | <ul style="list-style-type: none"><li>• Kung oo, sa anong edad?</li><li>• Ilarawan ang aksidente</li><li>• May namatay ba? Sino? (Relasyon sa iyo)</li><li>• Anong mga pisikal na pinsala ang natamo mo?</li><li>• Naospital ka ba magdamag?</li></ul> |

<sup>12</sup> Goodman, L., Corcoran, C., Turner, K., Yuan, N., at Green, B. (1998). *Pagtatasa sa Pagkakalantad sa Traumatikong Pangyayari: Mga Pangkalahatang Isyu at Paunang Natuklasan para sa Stressful Life Events Screening Questionnaire*. *Journal of Traumatic Stress*, 11(3), 521–542.

| Oo | Hindi | Tanong Tungkol sa Trauma                                                                                                                                                                                                                                                                         | <ul style="list-style-type: none"> <li><b>Mga Paalala para sa Mas Detalyadong Sagot</b></li> </ul>                                                                                                                                                                                                                                                             |
|----|-------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|    |       | 3. Ginamit ba laban sa iyo ang pisikal na puwersa o sandata sa isang pagnanakaw o holdap?                                                                                                                                                                                                        | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, sa anong edad?</li> <li>Ilang tao ang gumawa ng krimen?</li> <li>Ilarawan ang pisikal na puwersa (hal., pinigilan, itinulak) o sandatang ginamit laban sa iyo</li> <li>May namatay ba? Sino?</li> <li>Anong mga pinsala ang natamo mo?</li> <li>Nalagay ba sa panganib ang iyong buhay?</li> </ul>             |
|    |       | 4. Mayroon ka bang agarang miyembro ng pamilya, kasintahan, o napakalapit na kaibigan na namatay dahil sa aksidente, pagpatay, o pagpapakamatay?                                                                                                                                                 | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, ilang taon ka noon?</li> <li>Paano namatay ang taong ito?</li> <li>Relasyon mo sa taong namatay</li> <li>Sa taon bago siya namatay, gaano kadalas mo siyang nakikita o nakakausap?</li> <li>Naranasan mo na bang magka-miscarriage? Kung oo, sa anong edad?</li> </ul>                                         |
|    |       | 5. Sa anumang panahon, may sinuman ba (magulang, ibang miyembro ng pamilya, kasintahan, estranghero, o ibang tao) na pisikal kang pinilit na makipagtalik, o gumawa ng oral o anal na pakikipagtalik laban sa iyong kagustuhan, o habang wala kang magawa, tulad ng kapag natutulog ka o lasing? | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, sa anong edad?</li> <li>Kung oo, ilang beses nangyari?</li> <li>Kung paulit-ulit, sa loob ng anong panahon ito naganap?</li> <li>Sino ang gumawa nito? (Tukuyin kung estranghero, magulang, atbp.)</li> </ul>                                                                                                  |
|    |       | 6. Maliban sa mga karanasang nabanggit sa mga naunang tanong, may sinuman bang humipo sa mga pribadong bahagi ng iyong katawan, pinilit kang humipo sa kanilang katawan, o sinubukang pilitin kang makipagtalik laban sa iyong kagustuhan?                                                       | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, sa anong edad?</li> <li>Kung oo, ilang beses nangyari?</li> <li>Kung paulit-ulit, sa loob ng anong panahon ito naganap?</li> <li>Sino ang gumawa nito? (Tukuyin kung kapatid, kasintahan, atbp.)</li> <li>Ilang taon ang taong ito noong nangyari ito?</li> <li>May iba pa bang gumawa nito sa iyo?</li> </ul> |

| Oo | Hindi | Tanong Tungkol sa Trauma                                                                                                                                                                      | <ul style="list-style-type: none"> <li>● <b>Mga Paalala para sa Mas Detalyadong Sagot</b></li> </ul>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                   |
|----|-------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|    |       | 7. Noong ikaw ay bata, may magulang, tagapag-alaga, o ibang tao bang paulit-ulit kang sinampal, binugbog, o sa anumang paraan ay inatake o sinaktan ka?                                       | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Kung oo, sa anong edad?</li> <li>● Kung oo, ilang beses nangyari?</li> <li>● Kung paulit-ulit, sa loob ng anong panahon ito naganap?</li> <li>● Ilarawan ang puwersang ginamit laban sa iyo (hal., kamao, sinturon)</li> <li>● Nasugatan ka ba? Kung oo, ilarawan</li> <li>● Sino ang gumawa nito? (Relasyon sa iyo)</li> <li>● May iba pa bang gumawa nito sa iyo?</li> </ul>                                                |
|    |       | 8. Bilang isang adulto, naranasan mo na bang sipain, bugbugin, sampalin, o sa anumang paraan ay pisikal na saktan ng isang kasintahan, kadate, miyembro ng pamilya, estranghero, o ibang tao? | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Kung oo, sa anong edad?</li> <li>● Kung oo, ilang beses nangyari?</li> <li>● Kung paulit-ulit, sa loob ng anong panahon ito naganap?</li> <li>● Ilarawan ang puwersang ginamit laban sa iyo (hal., kamao, sinturon)</li> <li>● Nasugatan ka ba? Kung oo, ilarawan</li> <li>● Sino ang gumawa nito? (Relasyon sa iyo)</li> <li>● Kung kapatid, ilang taon siya noon?</li> <li>● May iba pa bang gumawa nito sa iyo?</li> </ul> |
|    |       | 9. May magulang, kasintahan, o miyembro ba ng pamilya na paulit-ulit kang kinutya, hinamak, binalewala, o sinabihang wala kang halaga?                                                        | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Kung oo, ilang beses nangyari?</li> <li>● Kung paulit-ulit, sa loob ng anong panahon ito naganap?</li> <li>● Sino ang gumawa nito? (Relasyon sa iyo)</li> <li>● Kung kapatid, ilang taon siya noon?</li> <li>● May iba pa bang gumawa nito sa iyo?</li> </ul>                                                                                                                                                                 |
|    |       | 10. Maliban sa mga karanasang nabanggit na, may sinuman bang nagtangka o nagbanta sa iyo gamit ang sandata tulad ng kutsilyo o baril?                                                         | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Kung oo, ilang beses nangyari?</li> <li>● Kung paulit-ulit, sa loob ng anong panahon ito naganap?</li> <li>● Ilarawan ang uri ng pagbabanta</li> <li>● Sino ang gumawa nito? (Relasyon sa iyo)</li> <li>● May iba pa bang gumawa nito sa iyo?</li> </ul>                                                                                                                                                                      |

| Oo | Hindi | Tanong Tungkol sa Trauma                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                              | <ul style="list-style-type: none"> <li><b>Mga Paalala para sa Mas Detalyadong Sagot</b></li> </ul>                                                                                     |
|----|-------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|    |       | <b>11. Naranasan mo na bang makasaksi ng isang tao na pinatay? Malubhang nasugatan? O sinailalim sa sekswal o pisikal na pag-atake?</b>                                                                                                                                                                                                                               | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, sa anong edad?</li> <li>Pakilarawan kung ano ang iyong nasaksihan</li> <li>Nalagay ba sa panganib ang iyong sariling buhay?</li> </ul> |
|    |       | <b>12. Naranasan mo na bang mapunta sa anumang sitwasyon kung saan ikaw ay malubhang nasugatan o nalagay sa panganib ang iyong buhay (halimbawa, nasangkot sa labanan militar o nanirahan sa lugar ng diaman)?</b>                                                                                                                                                    | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, sa anong edad?</li> </ul>                                                                                                              |
|    |       | <b>13. Naranasan mo na bang mapunta sa anumang sitwasyon na lubhang nakakatakot o kakilakilabot, o kung saan nakaramdam ka ng matinding kawalan ng magagawa, na hindi mo pa naibabalita o naikukuwento?</b><br><i>Dapat tukuyin ng tagapanayam kung inuulat ng sumasagot ang parehong insidente sa iba't ibang tanong, at itala ito sa pinakaangkop na kategorya.</i> | <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung oo, sa anong edad?</li> <li>Pakilarawan</li> </ul>                                                                                         |

## XIX. SHARP – Pagtatasa ng Paniniktik at Panliligalig at Profile ng Panganib<sup>13</sup>

Ang *Stalking and Harassment Assessment and Risk Profile (SHARP)* ay isang 43-item na pagsusuring web-based na binuo mula sa mga empirikal na pananaliksik, literatura sa klinikal, mga kuwento mula sa mga biktima ng paniniktik, mga pag-aaral ng kaso, at mga puna mula sa mga biktima, tagapagtaguyod, at iba pang mga propesyonal sa larangan.

Ang *SHARP* ay nagbibigay ng pagsusuri sa “malawakang larawan” ng sitwasyon ng paniniktik. Ang konseptuwal na balangkas para sa pagtatasa ng paniniktik ay nakabatay sa tatlong pangunahing sangkap ng *stalking*:

(1) Isang sinadyang pagkilos o pattern ng pag-uugali;

<sup>13</sup>Logan, T.K. at Walker, R. (2017). *Stalking: Isang Multidimensiyonal na Balangkas para sa Pagsusuri at Pagpapalano ng Kaligtasan. Trauma, Violence & Abuse* 18(2): 200–222.

- (2) Na nagdudulot ng takot, pag-aalala para sa kaligtasan, o iba pang emosyonal na paghihirap; at
- (3) Hindi kanais-nais o hindi ninanais ng biktima.

Nagbibigay din ito ng isang *situational risk profile* na binubuo ng 12 salik na nauugnay sa iba't ibang uri ng pinsala, kabilang ang pisikal o sekswal na pag-atake, pinsala sa mga mahal sa buhay, patuloy at tumitinding paniniktik at panliligalig, at pagsira sa kabuhayan o pamumuhay (*life sabotage*).

Para sa mga pag-aaral na tumatalakay sa bawat bahagi ng konseptuwal na balangkas, tingnan sina Logan at Walker (2017). Ang bawat bahagi ng *SHARP* ay nakabatay sa pananaliksik na inilatag nina Logan at Walker (2017).

Ang pananaliksik tungkol sa *SHARP* ay nagpapatuloy, at kasalukuyang hinahanap ang pondo upang mapalawak pa ang saklaw ng pag-aaral. Sa kasalukuyan, ang *validation* o pagpapatunay ng bisa ng kasangkapan bilang isang kagamitan para sa edukasyon ay nakalap pa lamang sa pamamagitan ng mga *anecdotal* na ebidensya. Ang *validation* para sa prediksyon ay hindi pa at hindi isasagawa, dahil ang layunin ng *SHARP* ay hindi upang manghula kundi upang magturo.

Ang *SHARP* ay isang kasangkapan upang matulungan ang mga biktima at iba pa na maunawaan ang *stalking* o paniniktik. Dapat lamang itong gamitin para sa layuning iyon. Ang *SHARP* ay hindi nagbibigay ng iskor o prediksyon, kundi nag-aalok ng paglalarawan, batay sa mga sagot sa mga tanong, tungkol sa sitwasyon ng paniniktik at ng *situational risk factor profile*. Ang mga salik ng panganib na ito ay batay sa mga pananaliksik tungkol sa *stalking* at hindi binibigyan ng partikular na timbang. Kung alin sa mga salik na ito ang mas mahalaga kaysa sa iba ay dapat pagpasiyahan ng gumagamit ng kasangkapan, na mas nakaaalam sa mga detalye ng partikular na sitwasyon. Gayunpaman, ang 12 pangunahing salik ng panganib na ito ay dapat suriin sa bawat kaso at isaalang-alang sa pag-unawa sa antas ng panganib sa isang sitwasyon ng paniniktik.

Upang makapasok sa *SHARP*, bumisita sa [www.CoerciveControl.org](http://www.CoerciveControl.org).

## **XX. Mga Pag-uugaling Kaugnay ng Paniniktik at mga Salik ng Panganib**

Ang mga tanong sa ibaba ay nilayon upang matukoy kung may nagaganap na *stalking* (paniniktik) at upang makalap ang impormasyon tungkol sa konteksto ng sitwasyon. Kapag sinusuri ang isang sitwasyon ng paniniktik, gamitin ang *SLII framework* upang ilarawan ang mga pag-uugali ng *stalking*: SLII = Surveillance, Life Invasion, Interference (sa pamamagitan ng sabotahi o pag-atake), Intimidation. Kapag isinasaalang-alang ang bawat isa sa apat na kategoryang ito, isaalang-alang ang tagal, tindi, at dalas ng pag-uugali.

- 1) Paano mo kakilala ang taong umaabuso sa iyo?
  - Gaano mo na siya katagal kilala?
  - Paano mo ilarawan ang inyong relasyon?
  - May nagbago ba sa inyong relasyon?
  - Paano nagbago ang inyong relasyon?
  - Ano ang karaniwang paraan ng pakikipag-ugnayan ninyo? (dalas at paraan ng komunikasyon)
- 2) Sinubukan na bang subaybayan, sundan, o bantayan ka ng umaabuso sa anumang paraan—personal man o gamit ang teknolohiya?
  - Maaaring kabilang dito ang panonood sa iyo mula sa malayo, paghihintay sa isang

- lugar, biglaang paglitaw nang walang paalam, paggamit ng *tracking software*, pagkuha ng impormasyon tungkol sa iyo online o mula sa ibang tao, at iba pa.
- Maaari rin itong gawin gamit ang *smart home devices*, *tracking software* o *GPS devices*, mga kamera at *recording devices*, o sa pamamagitan ng pagsubaybay sa iyong online na aktibidad, pag-access sa iyong mga account, pagsasaliksik tungkol sa iyo sa internet, o pagtatanong sa iba para makakuha ng impormasyon tungkol sa iyo.
- 3) Paulit-ulit bang nilalabag ng umaabuso ang iyong pribadong buhay o privacy sa pamamagitan ng paggawa ng hindi mo gustong pakikipag-ugnayan?
    - Halimbawa, paulit-ulit na pagtawag, pagte-text, pagpapadala ng mensahe o email, o pagbibigay ng mga regalo; pagpasok sa iyong sasakyan o bahay habang wala ka; pagpunta sa mga lugar nang hindi imbitado; pampublikong pagpapahiya; panliligalig sa iyong mga kaibigan o pamilya; o iba pang hindi kanais-nais na pakikialam.
    - Maaaring kabilang dito ang mga tawag mula sa mga hindi kilalang numero, mga *hang-up calls*, o mga tawag na nagpapanggap na galing sa kaibigan o sa korte ngunit sa katunayan ay mula sa umaabuso.
    - Maaari rin itong gawin nang personal o online, sa pamamagitan ng pagpapanggap bilang ikaw, pag-hack sa iyong mga account, at iba pang paraan.
  - 4) Pinasindak o tinakot ka na ba ng iyong umaabuso sa pamamagitan ng pagbabanta, pagsira ng ari-arian, pananakot o aktwal na pananakit sa mga alaga, o sa iba pang paraan?
    - Maaaring kabilang dito ang pagsira ng mga gamit, sapilitang pagharap o pagtatalo, pagbabanta na sasaktan ka, o pagbabanta na sasaktan ang iba.
  - 5) Malaking hadlang ba ang ginawa ng iyong umaabuso sa iyong buhay?
    - Inatake ka ba niya nang pisikal o sekswal habang ikaw ay kanyang sinusubaybayan?
    - Tinangkahan ka ba niyang saktan gamit ang sandata habang ikaw ay kanyang sinusundan?
    - Sinubukan ba niyang sirain ang iyong buhay sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga tsismis, pampublikong pagpapahiya, paglalagay sa panganib ng iyong trabaho, pakikialam sa iyong pananalapi, o paghadlang sa iyong paninirahan?
    - Na-hack ba ng iyong umaabuso ang iyong mga social media account o inangkin ang mga ito nang walang iyong pahintulot?
  - 6) Tinupad na ba ng iyong umaabuso ang alinman sa kanyang mga pagbabanta?
  - 7) Kumuha ba ng mga larawan o video ng iyong umaabuso nang walang iyong pahintulot? Nag-post ba siya ng mga larawan o video mo nang walang iyong pahintulot (kahit pa ang mga iyon ay orihinal na kinuha nang may pahintulot)?
  - 8) Ano ang mga pagkalugi o pagkawala na naranasan mo bilang resulta ng mga pag-uugaling ito? Maaaring kabilang dito ang:
    - Pangunahing pangangailangan (kita, tirahan, o kakayahang magbayad ng mga bayarin)
    - Ugnayang panlipunan
    - Oras
      - Nagpalit ka ba ng mga numero ng telepono, email, o social media account at hindi ito ipinaalam sa iyong umaabuso?
      - May binago ka ba sa alinman sa iyong mga account o settings ng mga device mo?
      - Nagdagdag ka ba ng mga hakbang para sa mas mataas na seguridad o privacy?
    - Kaligtasan
      - Gumastos ka ba ng pera para sa mga kagamitang pangkaligtasan o para makalipat sa mas ligtas na lugar?

- Personal
  - Ano ang mga bagay na kinailangan mong tigilan o iwasan? Ano pang mga pagbabagong personal ang idinulot nito sa iyo?
- 9) Paano mo ilalarawan ang antas ng iyong takot? Ano ang pinaka-kinatatakutan mo?
  - Pisikal na pananakit o kamatayan
  - Pisikal na pananakit sa ibang tao
  - Tuloy-tuloy na kontrol at panliligalig
  - Pagsira sa iyong buhay o kabuhayan?

## MGA ESTRUKTURADONG TANONG SA PANAYAM NA MAY KAALAMAN SA TRAUMA UPANG MATUKOY ANG HUMAN TRAFFICKING

Ang pagtukoy kung nagaganap din ang *human trafficking* sa mga kaso ng mga imigranteng nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabuso sa bata, pang-aabuso sa nakatatanda, sekswal na pag-atake, paniniktik, karahasan sa pakikipagrelasyon (*dating violence*), at iba pang anyo ng krimen at pang-aabuso ay maaaring lubos na mapabilis ang proseso ng pagkakaroon ng proteksyon laban sa deportasyon, pahintulot na magtrabaho (*work authorization*), at pag-access sa iba't ibang uri ng mga benepisyong pampubliko mula sa estado at pederal na pamahalaan. Dahil dito, napakahalaga na ang lahat ng mga abogado at tagapagtaguyod ng mga biktima na nagtatrabaho sa mga kaso ng imigrasyon ng mga imigranteng nakaligtas ay magsagawa rin ng karagdagang *screening* para sa parehong *labor trafficking* at *sex trafficking*.

Kapag ang isang biktima ay nakaranas ng *labor trafficking* o *sex trafficking*, maaari siyang maging karapat-dapat para sa *T visa* at para rin sa pansamantalang uri ng proteksyon sa imigrasyon na tinatawag na *Continued Presence*. Kung sa proseso ng iyong pagtatrabaho kasama ang isang imigranteng biktima at ang kanilang mga anak ay matukoy mong maaaring nakaranas ng *human trafficking* ang isang batang imigrante, ang bata ay dapat i-refer sa *Department of Health and Human Services (HHS), Office of Trafficking in Persons (OTIP)* para sa mga serbisyo. Ang *OTIP* ang magsasagawa ng imbestigasyon kaugnay ng *human trafficking*. Kapag natukoy ng *OTIP* na ang isang bata ay naging biktima ng *forced labor* o *commercial sex trafficking*, sila ay mag-iisyu ng *Child Eligibility Letter* na nagbibigay sa bata ng access sa mga *state at federal public benefits*, pahintulot na magtrabaho (*employment authorization*), at magtatalaga rin ng isang *federal case worker* upang tulungan ang bata. Hindi kinakailangang maghain ng aplikasyon para sa *immigration relief* upang makatanggap ng *OTIP Child Eligibility Letter* ang isang bata. Kapag ang mga bata ay naghahain ng aplikasyon para sa *immigration relief* sa ilalim ng mga programang *VAWA*, *U visa*, o *T visa*, ang *OTIP letter* ay nagbibigay sa kanila ng access sa mga *public benefits* at *employment authorization* habang nakabinbin ang kaso ng imigrasyon ng bata.

Ang seksyong ito ng *trauma-informed interview tool* ay idinisenyo upang makatulong sa pagtukoy ng *human trafficking*—kapwa *sex trafficking* at *labor trafficking*—na maaaring nagaganap sa loob ng pamilya, sa mga lugar ng trabaho, at/o sa mga biktimang lumalapit sa mga abogado at tagapagtaguyod para humingi ng tulong kaugnay ng *family violence*, *sexual assault*, *stalking*, *dating violence*, at iba pang mga kaso na may kinalaman sa mga kriminal na aktibidad na nakalista sa ilalim ng *U visa*. Kapag natukoy na mayroong *human trafficking* gamit ang mga kasangkapang ibinibigay sa ibaba, ang mga tagapagtaguyod at mga abogado na tumutulong sa mga biktima sa paghahain ng aplikasyon para

sa *T visa immigration relief* ay dapat kumonsulta sa mga materyales sa pagsasanay at mga kasangkapan na binuo ng mga eksperto sa *T visa*.<sup>14</sup>

Ang seksyong ito ng IPBTI ay naglalaman ng apat na sanggunian upang makatulong sa pagtukoy kung ang mga imigranteng biktima na pinagtatrabahuhan ng mga tagapagtaguyod at mga abogado ay nakararanas din ng *human sex trafficking* o *labor trafficking*:

- Mga Halimbawang Tanong para sa Pagtukoy sa Isang Tao na Na-traffick o Naalipin
- 12-Tanong na *Predatory Helpfulness Screener*
- Pagtukoy sa *Involuntary Servitude* Bilang *Human Trafficking* sa Loob ng Karahasan sa Tahanan at mga Relasyong Pampamilya
- WHO Human Trafficking Approach

## **XXI. Mga Halimbawang Tanong para sa Pagtukoy sa Isang Tao na Na-traffick o Naalipin<sup>15</sup>**

### **1) Pagre-recruit**

- Na-recruit ba ang biktima ng isang tao?
- Anong uri ng trabaho sa ibang bansa ang inalok sa biktima?
- Magkano ang perang ipinangako sa biktima at sino ang nangako nito?
- Lumagda ba ang biktima ng kontrata? Ano ang mga nilalaman o kondisyon ng kontrata?
- Naibenta ba ang biktima? Kung oo, sino ang nagbenta sa kanya?

### **2) Paglipat o Migrasyon**

- Ninakaw o pinilit ba ang biktima na lumipat o mag-migrate? Paano?
- Paano nakuha ng biktima ang mga dokumento?
- Aling mga dokumento ang nakuha?
- Paano nakarating ang biktima sa U.S.?
- May binayarang bayad ba para sa pag-aasikaso ng paglipat ng biktima? Kung oo, sino ang nagbayad at kanino ibinigay ang bayad?

### **3) Pagdating**

- May kontrol ba ang biktima sa kanyang mga dokumento ng pagkakakilanlan?
- Ano ang nangyari sa mga dokumento ng pagkakakilanlan ng biktima pagdating niya?
- Ginamit ba ng amo o ng human trafficker ang pagkakakilanlan ng biktima para sa ibang layunin?

### **4) Mga Kondisyon sa Trabaho**

---

<sup>14</sup> Tingnan, CAST, *Coalition to Abolish Slavery and Trafficking*, Programa para sa Pagsasanay at Teknikal na Tulong. [https://casttta.nationbuilder.com/legal\\_e\\_learning\\_courses](https://casttta.nationbuilder.com/legal_e_learning_courses).

<sup>15</sup> Binuo ng VIDA Legal Assistance (Hunyo 2011)

- Ang biktima ba ay inilagay sa utang na tanikala? Kanino?
- Magkaiba ba ang mga kundisyon sa trabaho kaysa sa inaasahan ng biktima? Paano?
- Nilimitahan ba ang paggalaw ng biktima? Paano?
- Nakatira at nagtatrabaho ba ang biktima sa iisang lugar?
- May nagbantay, nag-escort, o ikinulong ba ang biktima?
- Binabayaran ba ang biktima at magkano ang bayad?
- Ilang oras bawat araw ang pinagtrabaho sa biktima? May pahinga ba? Pinayagang magpahinga kapag may sakit?
- Pinayagan bang makipag-ugnayan ang biktima sa mga miyembro ng pamilya? Sa ibang manggagawa? Gumawa ng mga kaibigan?
- Nakapagbitiw ba ang biktima sa trabaho at nakahanap ng trabaho sa ibang lugar?

Anong mga estratehiya ang ginamit upang pilitin ang biktima? (Maaaring isa o lahat ay naaangkop.) Pisikal na Pamimilit

- Naranasan ba ng biktima ang suntok, sampal, sipa, kalog, at iba pa?
- Naranasan ba ng biktima ang sekswal na pag-atake, panggagahasa, o sekswal na panliligalig/pang-aabuso?
- Naranasan ba ng biktima ang pagpapahirap, pambubugbog, o iba pang uri ng pisikal na karahasan?
- Nakulong o pisikal na inihiwalay ba ang biktima? Paano?
- Pinagkaitan ba ng pangangalagang medikal, pagkain, damit, at iba pang pangunahing pangangailangan ang biktima?
- Sinubukan bang tumakas ng biktima mula sa kanyang mga human traffickers? Bakit?

#### 5) Sikolohikal na Pamimilit

- Ang biktima ba ay inilagay sa utang na tanikala?
- Nabantaang saktan, pahirapan, o gantihan ba ang biktima?
- May ibang sinaktan ba sa harap ng biktima?
- May mga pagbabanta ba laban sa mga miyembro ng pamilya ng biktima? Paano?
- May pagbabanta bang ireport ang biktima sa mga awtoridad para ipa-deport o ipakulong?
- Nilait, ininsulto, o ipinahiya ba ang biktima sa salita?

- Nagtanong ba ang biktima sa kanyang amo kung maaari siyang umalis? Bakit? Bakit hindi? Ano ang nangyari?

## XXII. 12 Tanong sa Pagsusuri ng Mapagsamantalang Kabaitan<sup>16</sup>

Ito ay mga tanong na gabay na dapat baguhin upang mas umangkop sa relasyon mo at ng iyong kliyente.

- Ilang taon ka nang makilala mo sila? (Itala kung menor de edad ang kliyente)
- Ilang taon sila? (Itala kung menor de edad ang trafficker)
- Pakikwento kung ano ang nangyayari sa iyong buhay noong nakilala mo ang iyong trafficker/kasintahan/pangalan?
- May mga bagay bang sa tingin mo ay hindi naging maayos sa panahong iyon ng iyong buhay? Maaari mo bang ilarawan kung ano ang sa tingin mo ay makatutulong upang mapabuti ang iyong kalagayan noon, kung meron man?
- Paano kayo nagkakilala?
- Ano ang maaari mong sabihin tungkol sa kung paano kumilos si [PANGALAN] noong una kayong nagkita? May ginawa ba sila upang makatulong sa iyong kalagayan noon, kung meron man?
  1. Love bombing: Romantiko ba ito? Naalala mo ba kung ginawa ni [PANGALAN] ang alinman sa mga sumusunod? (Hal., binuhusan ka ng pagmamahal at mga regalo, sinabihan kang espesyal/natatangi/maganda, gustong makasama ka habang buhay)
  2. Tulong sa Pananalapi o Pabahay: Nag-alok ba sila ng tulong pinansyal o ng lugar na matirhan?
  3. Negosyo o Emosyonal na Suporta: Nag-alok ba si [PANGALAN] ng oportunidad sa negosyo o emosyonal na suporta?
  4. Droga: Ipinakilala ka ba nila sa droga/nag-alok ng droga/binilhan mo ba ng droga sa kanila?
- May mga pangako ba silang binitawan sa iyo na hindi tinupad? *Halimbawa: tirahan, mga regalo, kasal, atbp.*
- May ibinigay ba silang dahilan kung bakit hindi natupad ang mga pangakong iyon?
- Naalala mo ba o maibabahagi ang unang pagkakataon na hiniling nila sa iyo na magbenta ng pakikipagtalik kapalit ng pera? Maaari mo bang sabihin kung ano ang ginawa o sinabi nila upang maimpluwensiyahan ang iyong desisyon? (Halimbawa: nagbanta, nagsabi na minsan lang ito/pabor lang, sinabing may utang ka sa kanila, nilayo ka sa iba)
- Ano ang naramdaman mo nang hingan ka nila ng ganoon? Nabigla ka ba/nagulat/hindi inaasahan?
- Naramdaman mo ba na may pagpipilian ka? Bakit o bakit hindi?
- Maaari mo bang tukuyin kung naranasan mo ang alinman sa mga sumusunod na uri ng pamimilit?
  1. Pinisil o pinagbantaan sa pisikal na paraan (Pisikal na Puwersa)
  2. Naisip kong may utang ako sa kanila (Utang/Sex bilang Kabayaran)
  3. Napilitang sumang-ayon, nalito, o gusto kong mapasaya sila (Lokal na Pamimilit o Coercive Control)

<sup>16</sup> Basra et al., *Predatory Helpfulness: Isang Empirical Framework upang Tukuyin ang mga Mapanlinlang na Taktika na Ginagamit ng mga Pimp sa Pagre-recruit at Komersyal na Seksual na Pagsasamantala sa mga Batang Babae at Kababaihan*, *Journal of Human Trafficking*, 24 Oktubre 2023, <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/pubs/predatory-helpfulness-screener/>

### XXIII. Pagkilala sa Di Kusang Paglilingkod o Sapilitang Pakikipagtalik Bilang Human Trafficking sa Loob ng Karahasang Domestiko at mga Relasyong Pamilya<sup>17</sup>

Kinikilala ng U.S. Department of Homeland Security's U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) na maaaring mangyari ang human trafficking sa mga relasyon ng magkasintahan o mag-asawa at sa loob ng pamilya, at na ang di kusang paglilingkod at karahasang domestiko ay maaaring magkasabay sa isang relasyon. Ang di kusang paglilingkod ay isang anyo ng labor trafficking. Ang mga sumusunod na tanong ay idinisenyo upang tulungan ang mga tagapagtaguyod at mga abogado na matukoy kung kailan ang di kusang paglilingkod—isang uri ng sapilitang paggawa na bumubuo ng human trafficking—ay nagaganap kasabay ng karahasang domestiko, sa relasyon ng magulang at anak o ng stepparent at stepchild, at sa loob ng mga pamilya.

Sa pagsusuri at pagtukoy ng human trafficking na nagaganap sa mga relasyong may karahasang domestiko at pamilya, at sa pagtukoy kung kailan ang sekswal na pag-atake ay nagaganap kasabay ng human trafficking, nakatutulong ang paggamit ng End-Means-Process (EMP) na modelo upang matukoy ang mga kaso na tumutugma sa legal na depinisyon ng “severe form of trafficking in persons.” Upang maituring na “severe form of human trafficking in persons” ang karanasang naranasan ng isang kliyente, dapat na matugunan ang lahat ng tatlong sumusunod na kondisyon:

- Ang **Layunin o End/Purpose** ay tumutukoy sa di kusang paglilingkod, utang na tanikala, peonage (pagpapasailalim dahil sa utang), pagkaalipin, o sex trafficking.
- Ang **Pamamaraan o Means** ay tumutukoy sa puwersa, panlilinlang, o pamimilit.
- Ang **Proseso o Process** ay tumutukoy sa pagrerekrut, pagtatago, transportasyon, pagbibigay, o pagkuha ng tao.

#### *Layunin o End/Purpose: Di Kusang Paglilingkod*

*Pinilit na magtrabaho sa bahay*

*Pinilit na magtrabaho para sa negosyo ng nang-aabuso o ng negosyo ng pamilya*

- Ikaw ba ay pinilit o pinuwersa ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya na gumawa ng:
  - Paggawa o labor?
  - Mga serbisyo?
  - Sapilitang aktibidad na sekswal?
    - Kung oo, alinman ba sa mga ito ay dulot ng puwersa, panlilinlang, o pamimilit?
    - Pakilarawan ang paggawa, serbisyo, o sapilitang aktibidad na sekswal at kung paano ito pinilit o napilitan kang gawin.
  - Pakilarawan kung paano ginamit ang alinman sa mga sumusunod:
    - Mga pagbabanta ng pananakit?
    - Pisikal na karahasan?

---

<sup>17</sup>Ang mga tanong na ito ay binuo batay sa mga regulasyon at patakaran ng United States Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa ilalim ng 8 C.F.R. § 214.201.

1 USCIS, POLICY MANUAL: VOL. 3, PART B – MGA BIKTIMA NG HUMAN TRAFFICKING, CHAPTER 2 – MGA KINAKAILANGAN SA PAGKAKARAPATDAPAT, SECTION B – BIKTIMA NG MATINDING ANYO NG HUMAN TRAFFICKING; 4. MGA KONSEPTO NG LABOR TRAFFICKING [3 USCIS-PM B.2(B)(4)] (Huling na-update noong Hulyo 18, 2024) <https://www.uscis.gov/policy-manual/volume-3-part-b-chapter-2>.

Tingnan din ang *Domestic Violence and Involuntary Servitude as Human Trafficking* (Agosto 17, 2023)

<https://niwaplibrary.wcl.american.edu/pubs/dv-involuntary-servitude-dhs/>.

- Sikolohikal na pang-aabuso?
  - Emosyonal na pang-aabuso?
  - Sekswal na karahasan?
  - Panliligalig o pananakot?
  - Kontroladong pag-uugali?
  - Mapanupil o pamimilit na kontrol?
  - Hindi pantay na kundisyon sa pamumuhay (hal., hindi pantay na kaayusan sa pagtulog, tirahan, o access sa pagkain)?
- Ipinatupad mo ba ang mga hinihingi ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya para sa paggawa o serbisyo:
  - Dahil sa takot o pamimilit?
  - Dahil sa pakiramdam na wala kang sariling kalayaan o kakayahang magpasya para sa sarili?
  - Kung alinman dito, pakilarawan.
- Binayaran ka ba para sa trabahong ipinagawa ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya?
  - Kung oo, may kontrol ka ba sa iyong sahod?
    - Kung wala, sino ang may kontrol sa iyong sahod?
- May layunin ba ang iyong kapareha, asawa, magulang, stepparent, o miyembro ng pamilya na ilagay ka sa kalagayan ng pagkaalipin o paglilingkod?
  - Maaari mo bang ilarawan ang mga tiyak na kilos na ginawa ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya na malinaw na naglalayong gawin kang tagapaglingkod sa bahay?
  - Labis ba ang bigat ng mga gawaing ipinapagawa sa iyo?
  - Labis ba ang bigat ng mga gawaing ipinapagawa sa iyo?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Pinagawa ka ba ng labis o hindi makatuwirang dami ng trabaho o serbisyo?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Inaasahan ka bang gumawa ng nakakapagod na antas ng trabaho o serbisyo?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Inaasahan ka bang laging handa o magagamit para sa trabaho o serbisyo?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Inaasahan ka bang laging magtrabaho o maglingkod kahit walang konsiderasyon sa iyong kalusugan o lakas?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Pinilit o pinuwersa ka bang magtrabaho sa ilalim ng banta ng pisikal na pagkakakulong?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Pinilit o pinuwersa ka bang magtrabaho sa ilalim ng banta ng panakit sa katawan?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Pinilit o pinuwersa ka bang magtrabaho sa ilalim ng banta ng karahasan o panggagahasa?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Pinilit o pinuwersa ka bang magtrabaho sa pamamagitan ng sikolohikal na pang-aabuso?
    - Kung oo, pakilarawan.
  - Pinilit o pinuwersa ka bang magtrabaho sa ilalim ng banta o pamimilit gamit ang batas o proseso ng batas?
    - Maaaring kabilang dito ngunit hindi limitado sa mga banta na:
      - Ipa-deport ka

- Ireport ka sa child welfare
  - Ireport ka sa internal revenue services
  - Iparesto ka
    - Kung oo, pakilarawan.
- Inaasahan ba ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya na ang layunin ng iyong buhay ay sundin ang kanilang mga utos?
  - Kung oo, pakilarawan.
- Ano ang iyong inakala na mangyayari kung hindi mo gagawin ang mga partikular na gawain sa bahay?
- May mga parusa o kahihinatnan ba kapag hindi mo natapos ang anumang partikular na gawain?
  - Kung oo, pakilarawan kung ano ang nangyari.
- Isa ba sa mga layunin ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya ang ipailalim ka sa kalagayan ng pagkaalipin o paglilingkod?
  - Kung oo, pakilarawan.
- Ano ang mga hakbang o kilos na ginawa ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya upang mapanatili ka sa kalagayan ng pagkaalipin o paglilingkod?
  - Maaari mo bang ilarawan ang kanilang mga ginawa kabilang ang pagrerekrut, pagtatago, transportasyon, pagbibigay, pagkuha, patronization, o panghihikayat?
- Maaari mo bang ilarawan ang plano, pamamaraan, o pattern ng pag-uugali ng iyong kapareha o miyembro ng pamilya na ginamit nila upang pilitin o pamimilitin ka sa:
  - Paggawa?
  - Serbisyo?
  - Sapilitang pakikipagtalik?
  - Ilahad kung at hanggang saan mo pinaniwalaan na makakaranas ka ng matinding pinsala, pisikal na pagkakakulong, o pang-aabuso sa proseso ng batas kung hindi mo susundin ang kanilang mga hinihingi.

#### *Sapilitang Pakikipagtalik o Panggagahasa*

- Pinilit ka bang makipagtalik laban sa iyong kagustuhan?
- Maaari mo bang ilarawan ang mga paraan ng pamimilit, puwersa, o pagbabanta ng pananakit na ginamit?
- Ano ang tiyak na layunin na nais makamit ng gumawa ng krimen?
  - *Sex trafficking:*
    - Mayroon bang aspeto ng komersyal na sangkot?
    - Ilahad kung mayroong partikular na bagay na may halaga na ipinagpalit kapalit ng pakikipagtalik.
    - May mga pagkakataon ba na itinuring ng gumawa ng krimen na ang pakikipagtalik ay isang transaksyon?
      - Pinilit, pinuwersa, o binantaan ba ang biktima na makipagtalik upang makatanggap ng:
        - Tirahan?
        - Pagkain?
        - Kailangang gamot?
        - Droga?
        - Ibang bagay na may halaga?
  - *Di Kusang Paglilingkod:*
    - Ilahad kung at paano ginamit ang panggagahasa na iyong naranasan, o ang mga banta ng panggagahasa, bilang paraan upang mapilit kang:

- Gumawa ng mga serbisyo – ilarawan ang mga serbisyong pinilit kang gawin.
- Magtrabaho – ilarawan ang trabahong pinilit kang gawin.
  - Magtrabaho ba para sa negosyo ng nang-aabuso?
  - Magtrabaho ba para sa miyembro ng pamilya ng nang-aabuso?
  - Ibang uri ng trabaho?
- *Sekswal na Pagkaalipin:*
  - Naranasan mo ba ang maraming insidente ng panggagahasa?
  - May mga bagay bang ginawa ang gumawa ng krimen na nagpapakita na ang layunin niya ay panatilihin ka sa kalagayan ng sekswal na pagkaalipin?
  - Maaari mo bang ilarawan ang anumang gawaing bahay o domestic servitude na naranasan mo rin?
  - Pinilit ka bang makipagtalik sa ibang tao kung saan may ipinagpalit o natanggap na bagay na may halaga ang gumawa ng krimen?

#### **XXIV. May SAMPUNG GABAY NA PRINSIPYO sa Etikal at Ligtas na Pagpapanayam sa mga Kababaihang Na-traffick<sup>18</sup>**

##### **1. HUWAG MANAKIT**

- Tratuhan ang bawat babae at ang sitwasyon na para bang napakataas ng posibilidad ng panganib hangga't walang ebidensya na kabaligtaran nito. Huwag magsagawa ng anumang panayam na maaaring magpalala ng kalagayan ng babae sa panandalian o pangmatagalan.

##### **2. ALAMIN ANG PAKSA AT SURIN ANG MGA PANGANIB**

- Alamin muna ang mga panganib na kaugnay ng human trafficking at ng kaso ng bawat babae bago isagawa ang panayam.

##### **3. IHANDA ANG IMPORMASYON PARA SA MGA REFERRAL – HUWAG MANGAKO NG MGA BAGAY NA HINDI MO MATUTUPAD**

- Maging handang magbigay ng impormasyon sa wika ng babae at sa lokal na wika (kung magkaiba) tungkol sa angkop na serbisyong legal, pangkalusugan, tirahan, panlipunang suporta, at seguridad, at tumulong sa referral kung hihilingin.

##### **4. PUMILI AT IHANDA NANG MAAYOS ANG MGA TAGAPAGSALIN AT MGA KASAMAHAN SA TRABAHO**

- Timbangin ang mga panganib at benepisyo ng paggamit ng mga tagapagsalin, kasamahan sa trabaho, o iba pa, at bumuo ng maayos na pamamaraan ng pagsusuri at pagsasanay para sa kanila.

##### **5. TIYAKIN ANG PAGKAKAKILALAN AT PAGIGING KOMPIDENSIYAL**

---

<sup>18</sup> Mga Etikal at Pangkaligtasang Rekomendasyon ng World Health Organization (WHO) para sa Pakikipanayam sa mga Babaeng Na-traffick © World Health Organization 2003 <https://niwaplibrary.wcl.american.edu/pubs/who-guidance-interviewing-trafficking-women/>.

- Protektahan ang pagkakakilanlan at pagiging kumpidensiyal ng tumutugon sa buong proseso ng panayam – mula sa sandaling siya ay makontak hanggang sa panahon na mailalabas sa publiko ang mga detalye ng kanyang kaso.
6. KUNIN ANG MAY MALAY NA PANGSANG-AYON
    - Tiyaking malinaw na nauunawaan ng bawat tumutugon ang nilalaman at layunin ng panayam, ang planong paggamit ng impormasyon, ang kanyang karapatang tumangging sumagot sa mga tanong, karapatang tapusin ang panayam anumang oras, at karapatang magtakda ng mga limitasyon kung paano gagamitin ang impormasyon.
  7. MAGPAKITA NG PAKIKINIG AT RESPETO SA PAGSUSURI NG BAWAT BABAE SA KANYANG SITWASYON AT MGA PANGANIB SA KANYANG KALIGTASAN
    - Kilalanin na bawat babae ay may kanya-kanyang alalahanin, at maaaring magkaiba ang paraan ng kanyang pagtingin sa mga alalahaning ito kumpara sa pananaw ng iba.
  8. HUWAG MULING TRAUMAHIN ANG ISANG BABAE
    - Huwag magtanong ng mga bagay na sadyang naglalayong magdulot ng matinding emosyonal na reaksiyon. Maging handang tumugon sa kapaguran o pagkapighati ng isang babae at bigyang-diin ang kanyang lakas at katatagan.
  9. MAGING HANDA SA AGARANG PAGTUGON SA EMERHENSIYA
    - Maging handang kumilos kung ang isang babae ay magsabi na siya ay nasa agarang panganib.
  10. GAMITIN NANG MABUTI ANG MGA IMPORMASYONG NAKALAP
    - Gamitin ang impormasyon sa paraang makabubuti sa isang partikular na babae o makatutulong sa pagpapaunlad ng mga mabubuting polisiya at interbensyon para sa mga babaeng na-traffick sa pangkalahatan.